


Ano Ang Banal Na Espiritu?

 ...marahil ay hindi para sa isang pagtitipon. Itong pagtitipon ay magiging isang medyo kakaibang pagtitipon kaysa sa kung ano ang karaniwan nating idinaraos dito. Karamihan, sa tuwing nagtitipun-tipon tayo rito, ito'y isang pagtitipon upang . . . para sa pagpapagaling ng mga maysakit at para sa mga pisikal na pangangailangan. Ito'y ang pagbibigay-diin ay inilagay diyán. Ngunit sa gabing ito ay nasimulan na natin itong rebaybal para sa pagpapagaling ng mga kaluluwa, ang—ang espiritu ng tao.

Gayon pa man, kung loloobin ng Panginoon, sa Linggo ng umaga, sa Lingguhang pag-aaral, sa Linggo ng umaga, ay magkakaroon tayo ng panalangin para sa mga maysakit at isang karaniwang hanay ng pagpapagaling, para sa Linggo ng umaga, kung loloobin ng Panginoon. At itong mga gabi ng linggo, tayo ay labis na nahikayat upang mangusap sa mga bagay na Walang Hanggan para sa—sa kaluluwa.

² Ngayon, alam natin na kapag ang isang—isang katawan ay pinagaling, pinaliligaya tayong lahat niyan, sapagkat alam natin na ito'y tiyak na nagpapakita na ang ating Diyos ay nagpapagaling ng maysakit. Subalit iyang may sakit na tao, kung sila'y mabubuhay nang mas mahaba pa, ay marahil magkakasakit na muli, maaaring sa dati pa ring karamdaman na kung saa'y napagaling sila, at hindi niyan inaalís ang kagalangan. Magbibigay ang doktor ng gamot para sa pulmonya, at marahil pagkaraan ng dalawang araw ay mamamatay sila sa pulmonya makaraang ipahayag niya na sila'y maigi na. Ito'y nagaganap na namang muli. Subalit kapag ang kaluluwang iyan ay pinagaling, kayo'y mayroon kung gayon, sa inyo, ng Buhay na Walang Hanggan.

³ At ako'y naniniwala na tayo ay malapit na malapit na sa Pagdating ng Panginoong Jesus, na kinakailangan sa atin na gawin ang lahat ng maaari nating gawin upang dalhin ang bawat kaluluwa sa Kaharian, at upang dalhin ang Kaharian sa mga tao, nang sa gayo'y mapagaling tayo sa ating mga espiritu. Ako'y naniniwala na ang katawan ni Jesus ay ang pinaka sakitin na katawan na alam ko; iyan ay, ang—ang katawan, espirituwal na katawan ni Cristo sa lupa, ay lubhang may sakit.

⁴ At ngayon, hindi tayo nagbabalak sa pagpapanatili sa inyo nang napakatagal sa isang gabi, sapagkat sa unang gabi ay wala tayong silid upang paupuin ang ating mga minamahal na kaibigan. Tayo'y nasa panukala ng pagpapatayo ng isang bagong simbahan, isang malaking tabernakulo dito mismo sa mga loteng

ito, o maging kahit saan manguna ang Panginoon; ngunit sa abot ng ating nalalalaman, ay dito.

⁵ At ngayon ay ibinigay na natin ang pagtitipon, Miyerkules hangang Linggo. Ngunit gayon man sa Linggo, ay nagsasara sa pamPaskong mga pagbabakasyon, ngunit iyon. . . sa tuwing sinasabi sa atin ng Panginoon na huminto, iyan ang magiging panahon. Hindi natin alam kung ano ang sadyang magiging mga kalalabasan. Ngunit naniniwala na ang mga kamag-anak rito sa tabernakulo at ang ating mga kapatid na iglesya, na siyang, ang isa sa kanila ay—ay ang tabernakulo ng kabanalan sa Utica, na si Kapatid na Graham Snelling ang pastor, at sa New Albany kung saan si Kapatid—Kapatid na Junie Jackson ay pastor, at gayon din sa labas sa daang-bayan kung saan si Kapatid na Ruddell ay pastor. Tayo at sila’y, mga magkakapatid na iglesya nitong tabernakulo, tayo ay nagsisikap na ihatid ang. . . ating mga tao sa isang higit na mainam na pakikipagkapatiran kay Cristo. Iyan ang ating layunin. Kaya napili kong basahin at ituro, para sa susunod na ilang mga gabi. . .

⁶ Sa gabing ito ay nais kong mangusap sa paksang: *Ano Ang Banal Na Espiritu?* At bukas ng gabi, nais kong mangaral tungkol sa: *Para Ano Kaya At Ipinagkaloob Ito?* At sa Biyernes ng gabi. . . At, sa mga tagarekord, hindi ko nais na mairekord ito sa Biyernes ng gabi: *Paano Ko Makukuha Ang Banal na Espiritu?* at *Paano Ko Malalaman Na Mayroon Na Ako Nito?* At pagkatapos ay hahayaan lang natin, pagkatapos ay titingnan kung ano ang ipangunguna ng Panginoon sa atin, para sa Sabado at Linggo. At Linggo ng umaga, isang gawaing pagpapagaling, at isa pang ebanghelistikong gawain para sa Linggo ng gabi.

⁷ At ngayo’y nais nating malaman ng bawat isa na. . . At alam kong ang mga rekorder ay tumatakbo sa may likurang silid, at ibig nating sabihin ito. Sapagkat, sa mga pagtitipong ito na kagaya nito, sa uring ebanghelistiko, ay may mga tao tayo mula sa iba’t-ibang denominasyon ng mga iglesya na naturuan sa kanilang sariling katayuan ng paniniwala, bawat isa. At iya’y ayos lang. Kailanma’y hindi ko ninais na magkasala ng paghahasik ng di-pagkakasundo sa mga kapatiran. At mula sa mga pagtitipon, ay nangangaral lamang ako tungkol sa mga dakilang ebanghelikang Katotohanan ng Kasulatan, tungkol sa kung ano ang pinaniniwalaan ng mga kapatirang tumatangkilik sa aking pagtitipon. Ngunit, sa tabernakulo rito, ako—ako’y nagnanais na mangusap tungkol sa kung ano ang ating pinaniniwalaan. Sa gayong dahilan, kung kayo—kung hindi n’yo nauunawaan ito, ako’y magiging napakasaya sa pagtanggap ng isang munting liham o maikling sulat mula sa inyo, sa pagtatanong sa akin ng isang katanungan ng—ng kung bakit na pinaniniwalaan natin ito nang ganyan. At ako’y magagalak na magsikap na ipaliwanag ito sa pinakamahusay na makakaya ko.

⁸ Alam ninyo, bawat iglesya, kung wala kayong doktrina, kayo'y hindi isang iglesya. Kinakailangan n'yong magkaroon ng kung anong pinaninindigan ninyo, kung anong mga prinsipyong pinanghahawakan ninyo. At maging ano pa man ang maaaring kinaaaniban o denominasyon ng isang tao, kung ang taong iyan ay ipinanganak ng Espiritu ng Diyos, iya'y aking kapatid na lalaki o aking kapatid na babae, maging ano pa man ang. . . Tayo'y maaaring magkakaiba sa iba pang mga bagay, hangang sa silangan mula sa kanluran, subalit tayo'y magkakapatid pa rin. At wala akong gagawin kundi ang magsikap na tulungan ang kapatid na iyan para sa isang higit na mas malapit, mas mainam na paglakad kay Cristo. At ako'y naniniwala na kahit sinong totoong, tunay na Cristiyano ay gagawin ang gayon din para sa akin.

⁹ Ngayon, hiniling ko na sa tabernakulong ito. . . Ngayon, hindi tayo pumapasok sa ganito para lang sa isang matagal na pagtitipon. Nais kong pumasok sa ganito, at nais ko kayo, at nahiling na sa inyo, na sunugin ang bawat tulay na nasa likuran n'yo, at itama ang bawat kasalanan, na tayo'y nagtutungo sa ganito sa lahat ng nasa sa ating mga puso at mga buhay. Kinakailangan nating magtungo rito para sa iisang layunin ng paghahanda ng ating mga kaluluwa para sa Pagdating ng Panginoon, at hindi para sa iba pang layunin. At gaya ng naipangusap at nasabi ko na, na marahil balang araw ay maaaring magturo ako o magsabi ng isang bagay na maaaring maging bahagyang salungat sa kung ano ang sa iba pa, sa paraang pinaniniwalaan nila ito. Ako—ako'y hindi— hindi nagpunta para sa pagtatalo, kita n'yo, ako—ako'y nagtutungo. . . Tayo'y naririto upang maghanda sa Pagdating ng Panginoon. At sa palagay ko'y ang munting pangkat na ito. . .

¹⁰ Mayroon akong ilang dumadalaw na mga kapatirang kasama ko rito na kilala ko, mula sa iba't-ibang lugar, at tayo'y nagagalak sa pagtanggap sa kanila. At walang pag-aalinlangan na kung ano mula sa mga tagapakinig diyan, ay may iba pang mula sa labas ng bayan, mula sa labas mula sa paligid ng ating mumunting magkakadugtong na mga lungsod rito. At kami ay masaya sa pagtanggap sa inyo, at labis na mapagpasalamat sa inyo, kung mahal ninyo kami nang sadyang lubusan para makapunta upang marinig ang mga bagay na ito. Ang Diyos. . . Nawa'y iuwi ninyo sa inyo, aking kapatid na lalaki, kapatid na babae, ang pinakamasaganang mga kayamanan na maibubuhos ng Diyos sa inyong puso, ang aking dalangin.

¹¹ At sa munting tabernakulong ito, nakikita na ako'y naniniwalang ito ay isa sa mga pinakamabuting mga tao na pinaniniwalaan kong nasa lupa, ay nagtutungo sa tabernakulong ito. Ngayon, kailanma'y hindi ko sinabing “lahat” ng mga pinakamabuting mga tao. Ang sabi ko'y ilan sa mga pinakamabuting mga tao sa lupa'y nagtutungo sa tabernakulong

ito. Ngunit sa bawat araw, pagpasok na muli, mula sa bawat pagtitipon, ay nakikita ko ang malaking pangangailangan nitong tabernakulo, isang malaking pangangailangan nito, at iya'y sa isang pagpupuspos, o isang pagpapabanal, isang mas malalim na buhay, isang mas malapit na paglakad na kasama ng Diyos. At napangakuan ko sila na gawin ito, ang magkaroon nitong mga Mensahe para sa kanila. At kami'y nagagalak na madala kayo at makasama sa amin sa palibot ng Salita ng Diyos, gaya ng aming itinuturo at sinisikap na isagawa.

¹² Ngayon, sa unang tatlong gabi ay hindi tayo tatalakay ng isang paksa para ipangaral, kundi isang Mensahe upang ituro mula sa Salita ng Diyos.

At ngayon, sapagkat, hindi ko ipapagawa sa kahit sino ang hindi ko naman mismo gagawin. At ang linggong ito'y naging isang buong Kalbaryo para sa akin. Ako'y halos malapit na sa—sa pagkawala ng malay, gaya ng ilalagay ko iyon, hanggang sa halos mawala ako sa aking sarili. Ngunit naisuko ko na nang buo ang bawat nais, at lahat ng ukol sa nalalaman ko, sa Panginoon.

¹³ Nung nakaraang gabi, mga kaunting oras pagkaraan ng hatinggabi, ang maybahay at ako, pagkaraang maupo, at manalangin at makipag-usap sa Panginoon, sa kabila ng maliit na pahingahan ng paa sa . . . harap ng silid namin, na may dalawang nakabukas na mga Biblia, ay inialay namin nang panibago ang aming mga sarili sa Diyos, para sa isang kumpletong gawain, na isusuko namin ang aming mga sariling kagustuhan, at lahat na, at bawat negatibong pag-iisip, at upang paglingkuran ang Panginoong Jesus.

At ako'y umaasa na naging ganyan ang inyong pagkilos, rin, na nagawa n'yo rin ang gayong bagay. Kung gayon kapag tayo'y nagtutungo sa gabing ito, ay nagtutungo tayo sa mga banal na lupa, sa kalagitnaan ng mga tao na matagal nang nagdarasal, at nag-aayuno, at gumagawa ng mga pagsasauli, at paghahanda upang tumanggap ng isang bagay mula sa Diyos. At alam kong siya na darating na nagugutom ay hindi aalis nang gutom, kundi ang Diyos ay magpapakain ng Tinapay ng Buhay.

¹⁴ Ngayon, bago tayo bumasa sa Kanyang banal na Aklat, iyuko natin ang ating mga ulo sandali para sa panalangin.

¹⁵ Panginoon, may panalangin nang naialay sa dakong ito ngayong gabi. Mayroon nang . . . ang mga awit ng Sion ay naawit na ng Iyong mga anak. Ang kanilang mga puso ay naitaas na. At kami ay naparito upang ialay ang aming sarili sa Iyo, at upang sambahin Ka mula sa kaibuturan ng aming kaluluwa. At ipinapagunita namin ito sa Iyo, Panginoon, na sinabi Mo nang Ikaw ay nakaupo sa may bundok at nagturo sa Iyong mga alagad, "Mapalad ang mga nangagugutom at nangauhaw sa katuwiran, sapagkat sila'y bubusugin." Ipinangako Mo ito, Panginoon. Kami ay pumaparito ngayong gabi na may mga

bukas na puso. Kami ay pumaparito, na nagugutom at nauuhaw, at alam naming tutuparin Mo ang Iyong pangako.

¹⁶ Habang sinisikap naming buksan ang mga banal na pahinang ito ng Biblia, upang basahin mula Rito ang mga nilalaman, nawa'y dalhin lamang Ito ng Banal na Espiritu sa bawat puso. At nawa ang Binhing iyan ay mahulog sa malalim, at mayamang pananampalataya na maghahatid ng bawat pangako na tinupad ng Salita. Kami'y dinggin, Panginoon, at kami'y linisin, at kami'y subukin. At kung may anumang masamang bagay tungkol sa amin, Panginoon, anumang di-naipagtapat na kasalanan, anumang bagay na hindi tama, ihayag lang ito ngayon, Panginoon, kami'y lalakad nang talagang matuwid at gagawin iyon, dahil napapagtanto namin na kami'y nabubuhay sa mga anino ng Pagdating ng Panginoong Jesus. At kami nga, O Banal na Diyos, ay nakarating na sa mga anino ng Iyong—Iyong katarungan sa gabing ito, at kami'y sumasamo para sa isang bagong paghahandog, at pag-aalay, at pagpupuspos ng Banal na Espiritu sa aming mga buhay.

¹⁷ Nakikitang ang mga apoy ng rebaybal ay nagsisimula nang dumilim, tayo'y maghagis ng kahoy ng Salita, nang sa gayo'y makapagparingas Ito ng isang bagong apoy, upang ating mga puso'y mapuno ng pagsisikap. Kami'y pabanalin, Panginoon, sa pamamagitan ng Iyong mahalagang Salita at Iyong Dugo, at Iyong biyaya, isinasamo namin. At ang lahat ng mga pasasalamat at papuri ay sa Iyo. Alisin ang lahat ng masamang palagay mula sa aming mga puso. Kami'y linisin, O Panginoon. Bigyan kami ng mga malilinis na puso, at mga malilinis na kamay, at mga malilinis na pag-iisip, nang sa gayo'y makapasok kami sa Iyong santuaryo, tuwing gabi, na nagagalak at puspos ng Iyong Espiritu. Hinihiling namin ito sa Pangalan ni Jesus, at alang-alang sa Kanya. Amen.

¹⁸ Nais ko nang basahin ngayon ang Salita. At habang... Hinihiling ko sa inyong dalhin ang inyong mga Biblia, ang inyong mga lapis, ang inyong mga papel, para sa mga Kasulatan. Kung labis n'yong ninanais talaga, ito ay magiging napakainam. At ngayon habang kayo'y patungo sa ika-7 kabanata ng Mga Gawa, sa pagsisimula; upang sagutin ang katanungan, o upang simulang sagutin ang katanungan: *Ano Ang Banal Na Espiritu?*

¹⁹ Walang makakatalo kay Satanas, kailanma'y wala pa sa lupa na nakatalo na kay Satanas, na katulad ng Salita ng Diyos. Ginamit Ito ni Jesus sa Kanyang dakilang pakikipaglaban; Sinabi Niya, "Nasusulat..."

²⁰ At nitong umaga, habang ako'y nakikinig, ilang araw ang nakalilipas, sa isang pagsasahimpapawid na waring nagnanais na sabihing ang paglalang ay nagmula lang sa kung anong mga abo na sama-samang tinatangay ng hangin, at kung anong phosphate, at ilang mga kemikal ng lupa, at nilikha ng mainit na

sikat ng araw ang binhi ng buhay at naglabas ng buhay. Gaano katawa-tawa! Samantalang, papatayin ng sikat ng araw ang kahit anong binhi ng buhay. Maglatag ng isang binhi sa labas sa sikat ng araw, agad nitong papatayin ito. At walang gayong bagay; kundi si Satanas na nagpupumilit na isiksik 'yan sa akin. At makaraang maihatid ko ang aking munting si Rebekah sa paaralan nitong umaga, at habang-daan pabalik, ay sinimulan kong buksang muli ang radyo; at naisip kong mapupunta na naman ako sa walang kuwentang bagay na iyan, kaya isinara ko na lang ito uli.

At habang ako'y naglalakad sa daan, ay sinabi sa akin ni Satanas, ang sabi niya, "Alam mo bang ang Lalaking ito na tinatawag mong Jesus ay isang tao lamang na katulad, isang araw sa Kanyang panahon, ay katulad ni Billy Graham o Oral Roberts. Siya'y isang tao lamang na sinimulan nilang magkaroon ng kaunting mga tao upang magkatipun-tipon sa palibot Niya at upang sabihing Siya'y isang dakilang Tao, at pagkaraan ng ilang sandali ay naging higit na dakila Siya, at pagkatapos Siya ay naging isang—isang diyos sa kanila. At ngayon ito'y kalat na sa buong mundo, yayamang Siya'y patay na, at iyan lang."

²¹ Naisip ko, "Gaano ka kasinungaling!" At pagkatapos ay pumihit ako habang ako ay papatawid sa Kalye Graham. Sabi ko, "Satanas, ikaw na nakikipag-usap sa aking kamalayan, gusto kitang tanungin ng ilang mga bagay. Sino ba yaong pinatungkulan ng mga Hebreong propeta na siyang darating? Sino ba ang pinahiran na Mesiyas? Ano ba ang naroroon sa mga taong yaon na nakita na Siya sa pasimula at nagsalaysay ng Kanyang buhay, libu-libong taon bago Siya naparito? Sino yaong nanghula nito sa titik pa lamang? At nang Siya'y dumating, sinabi nilang 'Siya'y ibinilang na kasama ng mga makasalanan,' at Siya nga. 'Siya'y nasugatan dahil sa ating mga pagsalangsang,' at Siya nga. 'Ginawa Niya ang Kanyang libingan na kasama ng mayaman, ngunit Siya'y mabubuhay, sa ikatlong araw,' at ginawa nga Niya. At pagkatapos ay ipinangako Niya ang Banal na Espiritu, at mayroon na ako Nito. Kaya nararapat lamang na lumayo ka na mula Rito, sapagkat ito'y nasusulat sa Salita, at bawat Salita ay totoo." Pagkatapos ay umalis siya. Ibigay lang sa kanya ang Salita, iyon na ang tumapos. Hindi niya kayang tindigan ang Salita sapagkat Ito'y inspirado.

Magsimula tayong bumasa ngayong gabi sa ika-7 kabanata ng Aklat ng Mga Gawa.

At sinabi ng dakilang saserdote, Tunay baga ang mga bagay na ito?

At sinabi niya, Mga tao, at mga kapatid na lalake, at magulang, mangakinig kayo; Ang Dios ng kaluwalhatian'y napakita sa ating amang si Abraham,

nang siya'y nasa Mesopotamia, bago siya tumahan sa Haran,

At sinabi sa kaniya, Umalis ka sa iyong lupain, at sa iyong kamaganakan, at pumaroon ka sa isang lupaing ituturo ko sa iyo.

Nang magkagayo'y umalis siya sa lupain ng mga Caldeo, at tumahan sa Haran: at buhat doon, pagkamatay ng kaniyang ama, ay kaniyang inilipat siya sa lupaing ito, na inyong tinatahanan ngayon.

At hindi siya pinamanahan ng anoman doon, hindi, kahit mayapakan ng kaniyang paa: at siya'y nangakong yaoy ibibigay na pinakaari sa kaniya, at sa kaniyang binhi pagkatapos niya, nang wala pa siyang anak.

. . . ganito ang sinalita ng Dios, Na ang kaniyang binhi ay makikipamayan sa ibang lupain; at kanilang dadalhin sila sa pagkaalipin, at sila'y pahihirapan sa loob ng apat na raang taon.

At ang bansang sa kanila'y aalipin ay aking hahatulan, sabi ng Diyos: at pagkatapos nito'y magsisialis sila, at paglilingkuran nila ako sa bayang ito.

At ibinigay niya sa kaniya ang tipan ng pagtutuli: at sa ganito'y naging anak ni Abraham si Isaac at ito'y tinuli nang ikawalong araw; at naging anak ni Isaac si Jacob; at naging mga anak ni Jacob ang labingdalawang patriarka.

²² Sa dakong ito, nais nating lapitan ang paksa, na sa palagay ko'y ang katangi-tanging paksa sa ngayon, tungkol sa . . . *Ano Ang Banal Na Espiritu? Ano Ito?* At, ngayon, ang dahilan kung bakit kinuha ko itong paksa sa linyang paganito, hindi ka makakaparito at makatatanggap ng Banal na Espiritu malibang malaman mo kung ano Ito. At hindi mo Ito matatanggap, kung alam mo kung ano Ito, malibang sampalatayanan mong Ito'y ipinagkaloob sa iyo, at Ito'y para sa iyo. At, pagkatapos, hindi mo malalaman kung Ito ba'y taglay mo na, o hindi, hangga't hindi mo alam kung ano ang mga resultang hatid Nito. Kaya kung alam mo na kung ano Ito, at para kanino Ito, at kung anong kilos ang hatid Nito kapag Ito'y dumating, kung gayo'y malalaman mo kung ano ang taglay mo kapag tinanggap mo Ito. Kita n'yo? Iyan lang ang magsasaayos nito.

²³ Tulad nang ako'y nakikipag-usap sa ating Kapatid na Jeffries ngayon, at ang sabi niya, "Nais kong pumaroon sa pagtitipon mamayang gabi, pero ako'y paroroon bukas ng gabi." Hindi niya nalamang ang pagtitipon ay nagaganap na, dahil hindi natin naipaalam ito; dito lang mismo. Ang ilan sa mga . . . Si Kapatid na Leo at sila ay sumulat sa ilan sa ating mga kaibigan at sinabi sa kanilang, nasa labas ng bayan. Bueno, dahil wala tayong silid.

24 Ngayon ang sabi ko, “Kapatid na Jeffries, kung ipinadala mo ako para buksan ang isa sa iyong mga balon ng langis, at wala akong alam tungkol dito, malamang ay mapasabog ko iyon. Baka mapihit ko ang maling susi o mabuksan ang maling motor. Dapat ay nalaman ko na muna kung paano gawin 'yon bago ko ginawa iyon.”

At iyan ang paraan sa pagtanggap ng Banal na Espiritu. Kailangang malaman mo kung sa anong dahilan at ika'y lumalapit, at kung papaano Ito matatanggap at kung ano Ito.

Ngayon, unang-una, ang Banal na Espiritu ay naipangako na.

25 Maaari tayong umabot ng sampung linggo at hindi na. . . lalaktawan lang ang dulo ng paksang ito, kung ano ang Banal na Espiritu. Subalit, ang pangunahing bagay, nais kong lapitan ito nang sapat lang para makapagbigay ng balangkas bawat gabi, pagkatapos ay tingnan sa susunod na gabi kung may mga katanungan.

26 Ilan sa naririto ang hindi pa nakakatanggap ng Banal na Espiritu, nabautismuhan ng Banal na Espiritu? Itaas n'yo ang inyong mga kamay; alam ninyong hindi pa kayo. Tingnan n'yo lang ang mga kamay.

Ngayo'y nais kong mangusap tungkol Dito, bilang ang Banal na Espiritu sa pagiging isang tanda, sapagkat Ito ay isang tanda. Napapagtanto natin na, na ang lahat ng mga pangako ay ibinigay sa atin ng. . . Si Abraham ay ang ama ng pangako, dahil ibinigay ng Diyos ang pangako kay Abraham at sa kanyang Binhing sumunod sa kanya. Ang pangako'y ginawa “para kay Abraham at sa kanyang Binhi.” At ang tandang ito ay sa mga taong may kasunduan.

27 Ngayon, may isang napakalaking pagkakaiba sa pagitan ng isang Cristiyano lang at isang Cristiyang puspos-ng-Banal-na-Espiritu. At ngayo'y kukunin natin ito mula sa Kasulatan, at iaangkop ito nang sadyang tamang-tama sa Kasulatan. Unang-una, may Cristiyano na naghahayag na isang Cristiyano. Ngunit kung ang Cristiyang ito ay hindi pa napupuspos ng Banal na Espiritu, siya lamang ay nasa proseso ng pagiging isang Cristiyano. Kita n'yo? Siya ay hayagan na sampalatayanan Ito; siya'y gumagawa na patungo Rito, ngunit hindi pa ibinibigay ng Diyos sa kanya ang Espiritung ito, ng Banal na Espiritu. Hindi pa niya naaabot ang mithiing iyan sa Diyos, na ito'y kinilala na ng Diyos.

28 Sapagkat, iyan, ang Diyos ay gumawa ng tipan kay Abraham, makaraang tawagin Niya si Abraham, na isang tipo ng pagtawag sa mananampalataya ngayon.

Tinawag Niya si Abraham, at umalis si Abraham sa kanyang bayan at nagtungo sa isang kakaibang lupain, upang manahan sa kalagitnaan ng mga kakaibang tao, at iyan ay isang tipo na

kapag tinawag ng Diyos ang isang tao na itigil ang kanyang kaimbihan, magsisi ng kanyang kasalanan. Siya ay tumatalikod pagkatapos mula sa pangkat na kinabibilangan niya, upang mamuhay sa isang bagong pangkat, sa kalagitnaan ng mga bagong uri ng mga tao.

At pagkatapos makaraang makita ng Diyos na si Abraham ay tapat sa pangakong ibinigay sa kanya ng Diyos, na matatamo niya ang anak, at sa pamamagitan ng anak na ito ay pagpapalain ang buong mundo, ay saka pinagtibay ng Diyos ang kanyang pananampalataya sa pamamagitan ng pagbibigay sa kanya ng isang tanda, at ang tandang iyan ay ang pagtutuli. At ang pagtutuli ay isang tipo ng Banal na Espiritu.

²⁹ Ang mismong sumunod na mga talata lang nitong kabanata na kababasa lang natin, kung gusto n'yong isulat iyon. At ang . . . Sinabi ni Esteban, sa ika-51 talata:

Kayong matitigas ang ulo . . . di tuli ang puso't mga tainga, kayo'y laging nagsisisalangsang sa Banal na Espiritu: kung ano ang ginawa ng inyong mga magulang, ay gayon din naman ang ginagawa ninyo.

³⁰ Ang pagtutuli ay isang tipo ng Banal na Espiritu. At ibinigay ng Diyos kay Abraham ang—ang tanda ng pagtutuli pagkatapos niyang tanggapin ang Diyos sa Kanyang pangako at nagtungo sa isang kakaibang bayan. Kita n'yo? Ito ay isang tanda.

At lahat ng kanyang mga anak, at kanyang binhi pagkatapos niya, ay nararapat na magkaroon nitong tanda sa kanilang laman, sapagkat ito ay isang kaibahan. Ito ay upang ihiwalay sila mula sa lahat ng iba pang mga tao, itong tanda ng pagtutuli.

³¹ At iyan ang ginagamit ng Diyos ngayon. Ito'y ang tanda ng pagtutuli ng puso, ang Banal na Espiritu, na ginagawa ang Iglesya ng Diyos na isang nakabukod na Iglesya mula sa lahat ng iba pang mga kredo, mga paniniwala at mga denominasyon. Sila'y nasa lahat ng klase ng mga denominasyon, subalit gayon pa man sila ay isang nakabukod na mga tao. Pakausapin n'yo ako sa isang tao nang dalawang minuto, masasabi ko sa inyo kung natanggap na niya ang Banal na Espiritu o hindi; gayon di'y magagawa ninyo. Inihihwalay Nito sila. Ito'y isang tatak. Ito'y isang tanda. At ang Banal na Espiritu ay isang tanda. At ito'y . . .

Kahit sinong bata ang tumanggi sa pagtutuli sa Lumang Tipan, na isang anino sa simula pa lang ng Banal na Espiritu, ay inihwalay mula sa mga tao. Hindi siya maaaring makisama sa lahat ng mga natirang kongregasyon, kung siya'y tumangging magpatuli.

Ngayo'y itulad 'yan sa ngayon. Ang taong tatangging tumanggap ng bautismo ng Banal na Espiritu, ay hindi makakasama niyaong mga may Banal na Espiritu. Sadyang

hindi mo ito magagawa. Kinakailangan kang maging isang kauri. Gaya ng, ito'y . . .

³² Ang aking nanay doon ay dating nagsasabi, “Ang mga ibong magkabalahibo ay nagsasama-sama.” Aba, ito’y isang matanda nang kasabihan, ngunit ito’y isang tunay na klase. Hindi mo nakikita ang mga kalapati at mga uwak na nagsasama. Ang mga karaniwang pagkain nila ay magkaiba. Ang mga ugali nila ay magkaiba. Ang mga pagnanais nila ay magkaiba.

At ganyan din nga pagdating sa sanlibutan at sa isang Cristiyano kapag ika’y *natuli* na ng Banal na Espiritu, na nangangahulugang, “ang pag-alis ng isang balat.”

³³ Ang pagtutuli ay maaaring maging sa lalaki lamang. Subalit kung ang isang babae ay ikinasal sa isang lalaki, siya ay kabahagi niya, siya ay tinuling kasama niya. Natatandaan n’yo, sa Timoteo, kung saa’y sinabi Nito roon, “Gayunma’y maliligtas siya sa panganganak, kung siya’y magpapatuloy sa pananampalataya at kabanalan nang may buong kahinahunan.”

³⁴ Ngayon, ang pagtutuli. Alam n’yo nang ang . . . si Sara ay tumawa sa loob ng tolda sa likod niya, sa mensahe ng Anghel, nang sabihin Niya, “Abraham,” na hindi nakikilala kung sino siya, isang estranghero, “nasaan ang iyong asawang, si Sara?” Paano Niya nalamang may asawa siya?

³⁵ Tulad ng sinabi ni Jesus, “Gaya ng sa panahon ni Lot, ay gayon din sa pagdating ng Anak ng tao.” Alalahanin, ang mga tandang iyon ay hindi ginawa sa Sodoma sa Gomorra, sa sanlibutan, sa mga relihiyonista. Kundi ito ay sa mga Hirang, ang mga tinawag-palabas. At si Abraham ay tinawag palabas. At ang salitang *iglesya* ay nangangahulugang “mga tinawag palabas; ang mga ibinukod,” tulad ng ibinukod ni Abraham ang kanyang sarili at natuli na.

At pagkatapos nang tumawa si Sara sa mismong mensahe ng Anghel, pinatay na sana siya agad ng Diyos sa oras na ’yon; ngunit hindi Niya maaabala si Sara nang hindi aabalahan si Abraham, dahil sila ay iisa. Siya ay bahagi niya. “Hindi na kayo dalawa, kundi isa.”

³⁶ Kung kaya, ang pagtutuli, ang puso ay tinutuli ngayon ng Banal na Espiritu. At ito’y isang tanda, isang ibinigay na tanda.

May nagsabi nung isang araw . . . Inuulit ko lang ito, hindi bilang isang biro. Dahil sa, ito’y ang katotohanan, subalit ito’y waring isang biro. Gaya ng madalas kong sabihin, hindi ito ang lugar para sa mga biro. Ngunit may isang munting Aleman doon sa Kanlurang Baybay-dagat, kung saa’y kagagaling lang namin. Tinanggap niya ang Banal na Espiritu. At siya’y naglakad sa kalye, at siya’y maglalakad nang kaunti, at siya’y magtataas ng kanyang mga kamay at magsasalita sa iba’t-ibang wika. At siya’y magtatatakbo, at siya’y magtatatalon, at siya’y magsisisigaw. At siya’y nagtatrabaho, at nagpapatuloy

nang ganyan, at sinabi sa kanya ng amo niya, “Saan ka ba nanggaling?” Ako—gusto ko ang mga lugar na iyon na pinanggalingan mo. Ang sabi niya, “Galing ka siguro sa pulutong ng mga tuwerkang iyon.”

Sabi niya, “Kung gayon sa palagay mo’y mga tuwerka sila?”

Ang sabi niya, “Tiyak, na sila nga.”

³⁷ Sabi niya, “Aba, purihin ang Panginoon dahil sa mga tuwerka!” At sinabi niya, “Alam mo ba kung ano? Mahalagang bahagi ang ginagampanan ng mga tuwerka.” Sabi niya, “Halimbawa, ang kotse, tanggalin mo ang lahat ng mga tuwerka rito, wala kang taglay kundi isang pulutong ng ‘walang kakuwenta-kuwentang bagay.’” Kaya iya’y halos tama lang.

³⁸ Ikaw ay kakaibang-kakaiba kapag ang Banal na Espiritu ay dumating sa iyo, hanggang sa hindi ka na magustuhan ng pag-iisip ng mundong ito, at sila’y laban sa iyo, at wala silang pakialam sa iyo, sa anumang paraan. Ikaw ay ipinanganak sa ibang Daigdig. Ikaw ay katulad na katulad ng isang dayuhan, ikaw ay magiging sampung beses pang higit na dayuhan, kung ika’y magtutungo sa pinakamalayong kalat na mga rehiyon ng kagubatan ng Aprika. Ikaw ay kakaiba kapag dumating ang Banal na Espiritu, at Ito’y isang tanda. Ito’y isang tatak sa gitna ng mga tao.

³⁹ Ngayon, sinasabi mo, “Kung gayon, Kapatid na Branham, iyang tanda ng pagtutuli ay ibinigay kay Abraham?” Iyan ay totoo. “At sa kanyang Binhi?” Opo.

⁴⁰ O sige, ngayon ay lilipat tayo sa Mga Taga Galacia, ika-3 kabanata, ika-29 na talata, at tingnan kung paano ‘yan maiaangkop sa atin. Mga Taga Galacia 3:29, at tingnan lang kung paanong ang pagtutuling ito ay maiaangkop sa isang Gentil, kung tayo ay mga Gentil; na, sa natural na kapanganakan ay tayo nga.

Ngayon, ang una, nais kong basahin ang ika-16 na talata.

Ngayon kay Abraham at sa kanyang binhi ay sinabi ang pangako. (Si Abraham at ang kanyang binhi!) Hindi Niya sinabi, At sa mga binhi, . . .

Kahit anong klase lang ng isang . . . sabihing, “Oh, ako’y binhi ni Abraham, din.” Hindi. Sa isang “Binhi,” Binhi ni Abraham!

. . . Hindi sa mga binhi, na gaya baga sa marami; kundi gaya sa iisa lamang, At sa—sa kanila . . . At sa iyong binhi, na si Cristo.

⁴¹ Si Cristo ay Binhi ni Abraham. Pinaniniwalaan n’yo ba iyan? [Kongregasyon, “Amen.”—Ed.] O sige, ngayon kunin na natin ang ika-28 at ika-29 na talata.

Walang magiging Judio o Griego man, walang magiging alipin o malaya man, walang magiging lalake o babae man: sapagkat tayong lahat ay iisa kay Cristo Jesus.

At kung kayo'y kay Cristo, kayo nga'y binhi ni Abraham, at mga tagapagmana nga ayon sa pangako.

Paano tayo nagiging “Binhi ni Abraham”? Sa pamamagitan ng pagiging kay Cristo, ay saka tayo nagiging Binhi ni Abraham. At ano ang Binhi ni Abraham? Gaya ng, maaari tayong magtungo sa Mga Taga Roma 4 at sa iba’t-ibang mga dako.

Kailanma’y hindi tinanggap ni Abraham ang pangako samantalang siya ay tinutuli. Upang ipakita na ang pagtutuli ay isang tipo lamang, tinanggap niya ang pangako *bago* siya tinuli. At ito ay isang tipo, ng pagkilala ng kanyang pananampalatayang taglay na niya bago pa man siya tinuli.

⁴² Ngayon, kapag tayo ay na kay Cristo, tayo’y nagiging Binhi ni Abraham at mga tagapagmana nga kay Cristo, samakatwid, maging sino pa tayo, Hudyo man o Gentil.

At, “ang Binhi ni Abraham,” ang Binhi ni Abraham ay taglay ang pananampalataya ni Abraham, na nananatili sa Diyos sa Kanyang Salita. Gaano man Ito maging waring katawa-tawa, gaano ka man kakaiba kumilos, gaano ka man gawing kakaiba Nito, manatili ka sa Diyos sa Kanyang Salita kahit pa ano’ng mangyari.

⁴³ Si Abraham sa gulang na pitumpu’t limang taon, at si Sara sa gulang na animnapu’t lima, ay nanatili sa Diyos sa Kanyang Salita, at tinawag ang anumang salungat Dito na tila ba hindi yaon. Ano kaya sa palagay ninyo ang inisip ng mga doktor, ng panahong yaon? Ano kaya sa palagay ninyo ang inisip ng mga tao, nang makita nila ang isang matandang lalaki, pitumpu’t limang taong gulang, naglilibot na pinupuri ang Diyos, na siya ay “magkakaanak” sa kanyang asawa, at siya na animnapu’t limang taong gulang, halos dalawampu’t limang taong lagpas sa menopause? Ngunit, alam n’yo pinakikilos kayo nitong katawa-tawa, ng pananampalataya ni Abraham.

⁴⁴ At kapag kayo ay tinuli ng sa Banal na Espiritu, ginagawa Nito ang gayon ding bagay sa inyo. Pinagagawa kayo Nito ng mga bagay na hindi ninyo inaakalang magagawa ninyo. Ginagawa kayo Nito na manatili sa pangako ng Diyos at sampalatayanan ang Diyos.

⁴⁵ Ngayon, Ito rin, bukod pa sa isang—isang pangako at isang tanda, Ito rin ay isang tatak. Ngayon kung sasamahan ninyo ako sa Mga Taga Roma. Una, nais kong samahan n’yo ako sa Mga Taga Efeso 4:30, at bumasa tayo rito sandali. Sinasabi ito ng Mga Taga Efeso 4:30.

Ngayon, narinig n'yo nang magsabi ang napakaraming tao na ang iba't-ibang mga bagay ay mga tatak. "Kung ikaw ay papasok sa iglesya, ikaw ay may tatak ng iglesya." At sinasabi ng ilang tao, "Ito'y ang pangilingin ng isang kung anong araw, isang araw ng sabbath, iya'y—iya'y ang tatak ng Diyos." Ang ilan sa kanila ay nagsasabi, "Kung ilalagay namin ang aming pagiging kasapi sa isang kung anong denominasyon, kami ay tinatakan sa Kaharian ng Diyos."

⁴⁶ Ngayon, ang sabi ng Biblia, "Maging isang kasinungalingan ang salita ng bawat tao, at ang sa Diyos ay Katotohanan." Ngayon, ang Mga Taga Efeso 4:30 ay nagsasaad ng ganito:

At huwag ninyong pighatiin ang banal na Espiritu ng Diyos, na sa kaniya kayo'y tinatakan hanggang sa kaarawan ng pagkatubos.

⁴⁷ Ako'y magiging madiin ng bahagya dito ngayon, maghintay sandali. Ngayon, kayong mga kapatirang legalista ay manahimik lamang sa ilang saglit. Kita n'yo? Napansin ba ninyo kung gaano katagal na ang tatak na iyan ay magwawakas? Hindi hanggang sa susunod na rebaybal, hanggang sa susunod na pagkakataon ay may mapamali. "Hanggang sa kaarawan ng inyong pagkatubos," kayo'y natatakan nang ganyan katagal. "Hanggang sa kaarawan ng inyong pagkatubos," kapag kayo ay natubos na para maging kasama ng Diyos, kayo'y tinatakan ng Banal na Espiritu nang ganyan katagal. Hindi mula rebaybal hanggang rebaybal; kundi mula Walang Hanggan hanggang Walang Hanggan, ay natatakan kayo ng Banal na Espiritu.

Iya'y kung ano ang Banal na Espiritu, Ito ang tatak ng Diyos, na Siya'y nakasumpong . . . ika'y nakasumpong ng biyaya sa Kanyang paningin, at iniibig ka Niya, at pinaniniwalaan ka Niya, at inilagay Niya ang Kanyang tatak sa iyo. Ano ang isang tatak, sino sa inyo? Bakit, ang isang *tatak* ay nagtuturo o nangangahulugang isang "gawaing tapos na." Amen. Iniligtas ka na ng Diyos, pinabanal ka na, nilinis ka na, nakasumpong na ng biyaya sa iyo, at tinatakan ka na. Nakatapos na Siya. Ikaw ang Kanyang likha hanggang sa kaarawan ng iyong pagkatubos. Ang isang *tinatakan* ay isang "bagay na tapos na."

Ano ang Banal na Espiritu? Ito'y isang tanda. Tutunguhin natin iyan maya-maya, sa isa pang Mensahe, ang tanda na ipinangusap ni Pablo. Ang iba't-ibang wika ay isang tanda sa mga mananampalataya . . . o mga di-mananampalataya.

⁴⁸ Ngayo'y pansinin, ngunit, sa ganito, ang Banal na Espiritu ay isang tanda. Ibig kong sabihi'y . . . At ang Banal na Espiritu ay isang tatak. Ito'y isang tanda na ibinigay ng Diyos sa Kanyang hinirang na mga anak. Ang tanggihan Ito, ay ang maihiwalay mula sa mga tao; at ang tanggapin Ito, ay ang matapos na sa sanlibutan at sa lahat ng mga bagay ng sanlibutan, at

magiging isang likha na pinaglagyan ng Diyos ng isang tatak ng pagpapatibay.

⁴⁹ Dati akong nagtatrabaho sa may perokaril sa labas ditong kasama ni Harry Waterberry, at kami'y bumababa para maglulan ng isang kotse. Ang kapatid kong lalaki, si Doc, na nakatayo diyan sa likod, ay tumutulong sa paglululan ng mga kotse. Kapag inilululan ang isang kotse, sinusuri nila ang kotseng iyan, ang tagasuri, at kung may natagpuan siyang anumang bagay na maluwag, kung saan ito'y mahuhulog at masisira, o anumang makakawasak; hindi niya tatatakan ang kotseng iyan hanggang sa maimpake nang buo-buo ang kotseng iyan, hanggang sa ito'y talagang naimpake nang buo at ayos na ayos na, na ang pag-uga ng pagsakay ay hindi makaabala sa produkto na nasa loob.

⁵⁰ Iyan ang dahilan kung bakit hindi tayo natatatakanang masyado; masyado tayong maluwag tungkol sa mga bagay-bagay. Kapag nagsiyasat ang Tagasuri, upang siyasatin ang iyong buhay, upang tingnan kung ika'y hindi lang gaanong maluwag tungkol sa mga bagay-bagay, medyo maluwag hinggil sa iyong buhay-panalangin, medyo maluwag hinggil sa galit na 'yan, medyo maluwag hinggil sa dilang iyan, para makapagkuwento tungkol sa iba, kailanma'y hindi Niya tatatakan ang kotse. Kung anong mga maruruming gawi, kung anong mga kasuklam-suklam na mga bagay, kung anong kahalayan ng pag-iisip, hindi Niya maaaring tatakan ang kotse.

Pero kapag natagpuan Niya ang lahat na nakasaayos sa lugar nito, ang Tagasuri, ay saka Niya ito tinatatakan. Mangahas nga ang sinuman na buksan ang tatak na iyan hanggang sa dumating iyang kotse sa paroroonan nito kung para saan na ito'y tinatakan! Hayun nga ito. "Huwag ninyong galawin ang Aking mga pinahiran; huwag ninyong saktan ang Aking mga propeta. Sapagkat sinasabi Ko sa inyo, mas makabubuti pa sa inyo na ang isang malaking batong gilingan ay ibitin sa inyong leeg, at kayo'y ilubog sa kailaliman ng dagat, kaysa pa nga sa tangkaing saktan o magbigay ng kaunting pagyugyog sa pinakamunti sa mga ito na natatakan na." Nakikita n'yo ba kung ano ang ibig sabihin ninyon?

⁵¹ Iya'y kung ano ang Banal na Espiritu. Ito ang inyong kasiguruhan. Ito ang inyong pananggalang. Ito ang inyong saksi. Ito ang inyong tatak. Ito ang inyong tanda, na, "Ako'y patungo sa Langit. Hindi mahalaga kung ano ang sinasabi ng diablo! Ako'y patungo sa Langit. Bakit? Tinatakan Niya ako. Ibinigay Niya Ito sa akin. Tinatakan Niya ako sa Kanyang Kaharian, at ako'y patungo sa Kaluwalhatian! Hayaang umihip ang mga hangin, hayaang gawin ni Satanas kung ano ang gusto niya. Natatakan na ako ng Diyos hanggang sa kaarawan ng aking pagkatubos." Amen! Iya'y kung ano ang Banal na Espiritu. Oh, dapat mong naisin Ito. Hindi ako makapagpapatuloy nang wala

Ito. Napakarami ng maaaring sabihin diyan, ngunit natitiyak kong alam ninyo kung ano ang aking tinutukoy.

⁵² Ngayon, gayon din, tayo'y lumipat sa Juan 14, sa ilang saglit lang. Sadyang iniibig ko ang Salita! Ito ang Katotohanan.

⁵³ Ngayon, ang Espiritu ng Diyos, ang Banal na Espiritu, ano ang Banal na Espiritu? Ito ay ang Espiritu ni Cristo na nasa inyo. Ngayon, bago tayo bumasa, nais ko lamang magsabi ng kaunting salita ng pahayag rito. Ano ang Banal na Espiritu? Ito'y isang tatak. Ano ang Banal na Espiritu? Ito'y isang tipan. Ano ang Banal na Espiritu? Ito'y isang tanda. Ano ang Banal na Espiritu kung gayon? Ito'y isang . . . ang Espiritu ni Jesus Cristo sa inyo. Kita n'yo? "Kaunti pang panahon," ang sabi ni Jesus, "at hindi na Ako makikita ng sanlibutan; ngunit makikita ninyo Ako, sapagkat Ako'y makakasama ninyo, maging sasa inyo, hanggang sa katapusan ng mundo." Ang Espiritu ng Diyos sa Kanyang Iglesya!

⁵⁴ Para ano? Para ano at ginawa Niya ito? Ito ay bahagyang nauukol sa paksa bukas ng gabi. Ngunit para ano at ginawa Niya ito? Bakit Niya ginawa, bakit ginawa ng Banal na Espiritu . . . Ano, para ano at Siya'y dumating? Para ano at Siya'y dumating sa inyo, para ano at Siya'y dumating sa akin? Ay upang ipagpatuloy ang mga gawa ng Diyos.

⁵⁵ "Palagi Kong ginagawa ang nakalulugod sa Aking Ama. Ako ay dumating hindi upang gawin ang Aking sariling kalooban, kundi ng Ama na nagsugo sa Akin. At ang Ama na nagsugo sa Akin ay kasama Ko; at kung paanong pagkasugo sa Akin ng Aking Ama, ay gayon din namang isinusugo Ko kayo." Oh, naku! [Si Kapatid na Branham ay pumalampak nang dalawang beses—Ed.] Isunugo Siya ng Ama, suma Kanya. Ang Ama na nagsugo kay Jesus ay suma Kanya, kumilos sa pamamagitan Niya.

Ang Jesus na nagsusugo sa inyo, ay nakakasama ninyo at s'yang nasasa inyo. At kung ang Espiritung iyan, na nananahan kay Jesus Cristo, ay pinagawa Siya at pinakilos sa paraang ginawa Niya, kayo'y magkakaroon ng ilang pangkalahatang ideya kung papaanong Ito'y kikilos kapag Ito'y nasasa inyo na, dahil ang Buhay na iyan ay hindi maaaring magbago. Ito'y dadaan mula katawan hanggang katawan, ngunit hindi Nito maaaring baguhin ang kalikasan Nito, sapagkat Ito ay Diyos.

⁵⁶ Ngayon sa Juan 14, sadyang basahin lang natin nang kaunti, simula sa ika-10 talata.

Nananampalataya ka ba . . . na ako'y nasa Ama, at ang Ama ay nasa akin? ang mga gawa . . . ang mga salitang aking sinasabi sa inyo'y hindi ko sinasalita sa aking sarili: kundi ang Ama na tumatahan sa akin, ay gumagawa ng kaniyang mga gawa. (Pag-isipan ninyo 'yan ngayon.)

Magsisampalataya kayo sa akin na ako'y nasa Ama, at ang Ama ay nasa akin: o kungdi kaya'y magsisampalataya kayo sa akin dahil sa mga gawa rin.

Katotohanan, katotohanan, na sinasabi ko sa inyo, Ang sa akin ay sumasampalataya, ang mga gawang aking ginagawa ay kanyang . . . din naman; at lalong dakilang mga gawa kay sa rito ang gagawin niya; sapagkat ako'y paroroon sa Ama.

Hindi ba ninyo nakikita? Nakikita ba ninyo kung paano Niya sinabi riyan? Ngayoy tingnan ito, kung papaanong lumalabas ito. Ako'y magbabasa lang ng kaunti pa. Tayoy magbabasa hanggang sa mga ika-20 talata. "At ang anomang hingin ninyo sa . . ." Tingnan natin, mayroon na akong . . . Oo. A-ha. Tama.

At ang anomang inyong hingin sa aking pangalan, ay yaon ang aking gagawin, upang ang Ama ay lumuwalhati sa Anak.

Kung kayoy magsisihingi ng anoman sa pangalan ko, ay yaon ang gagawin ko.

Kung ako'y inyong iniibig, ay tuparin ninyo ang aking mga utos.

At ako'y dadalangin sa Ama, (ngayo'y masdan) at kayoy bibigyan Niya ng ibang Mangaaliw, upang siyang suma inyo magpakailan man;

Samakatwid bagay ang Espiritu ng katotohanan; na hindi matatanggap ng sanglibutan, sapagkat hindi nito siya nakikita, ni nakikilala man siya: nakikilala ninyo siya; sapagkat siya'y tumatahan sa inyo, at sasa inyo.

⁵⁷ Sino ang Espiritu na iyan kung gayon? Ano ang Banal na Espiritu? Ito'y si Cristo na nasa inyo. Ang Mang-aaliw, iyan ang Banal na Espiritu. "At kapag dumating na ang Mang-aaliw, Kanyang gagawin ang gayon ding mga bagay na Aking ginawa samantalang ang Mang-aaliw ay nasa Akin. Ako'y dadalangin sa Ama, at ibibigay Niya sa inyo ang Mang-aaliw na ito. Nakikilala ninyo ang Mang-aaliw. Siya'y hindi nakikilala ng sanlibutan, kailanma'y hindi. Ngunit Siya'y nakikilala ninyo sapagkat Siya'y tumatahan ngayon sa inyo," si Jesus ang nagsasalita, "ngunit Siya'y sasa inyo." Hayan na kayo, iyan ang Mang-aaliw, "sasa inyo."

Hindi ko kayo iiwang magisa: ako'y paririto sa inyo.

"Hindi ko . . ." Ngayon, iyan ang Mang-aaliw, si Cristo. Iya'y kung ano ang Banal na Espiritu, ay si Cristo.

Kaunti pang panahon, at hindi na ako makikita ng sanglibutan; ngunit inyong makikita ako: sapagkat ako'y nabubuhay, kayo . . . ay mangabubuhay rin naman.

58 Oh, tayo'y makapagpapatuloy nang makapagpapatuloy; ngunit, hayaang malaman ninyo. Siya ay ano? Siya'y isang tatak. Siya'y isang tanda. Siya'y isang Mang-aaliw. Kita n'yo kung ano bang lahat Siya? Minamana Ito ng Binhi ni Abraham.

59 Ngayon hanapin din natin iyan na . . . kung ano pa ba ang Mang-aaliw. Magtungo tayo sa Unang Juan 16:7, tingnan kung Siya ba'y hindi isang Tagapamagitan, rin. Alam ninyo kung ano ang isang tagapamagitan, gumagawa ng isang pamamagitan. Tayo'y may Tagapamagitan. Alam natin iyan. Unang Juan sa ika-16 na kabanata . . . Oh, teka muna, ipagpaumanhin n'yo. San Juan, pala ito, 16:7. Ikinalulungkot ko. Talagang ipagpaumanhin ninyo kung nasabi ko iyan. Nabasa ko iyan nang mali sa aking . . . nakuha ang 16:7.

Gayon ma'y sinasalita ko sa inyo ang katotohanan; Nararapat sa inyo na ako'y yumaon: sapagkat kung hindi ako yayaon, ang Mangaaliw ay hindi paririto sa inyo; ngunit kung ako'y yumaon, siya'y susuguin ko sa inyo.

At siya pagparito niyo, ay kaniyang susumbatan ang sanglibutan tungkol sa kasalanan, at sa katuwiran, at sa paghatol:

Tungkol sa kasalanan, sapagka't hindi sila nagsisampalataya sa akin;

Tungkol sa katuwiran, sapagka't ako'y paroroon sa Ama, at hindi na ninyo ako makikita;

Tungkol sa paghatol, sapagkat ang prinsipeng ng sanglibutang ito ay hinatulan na.

60 Naku! Ngayon, ang Tagapamagitan, matatagpuan sa—sa Unang Juan 2:12. Ngayo'y basahin natin 'yan, sa ilang sandali lang, Unang Juan 2:12. Ipagpaumanhin ninyo, Unang Juan . . . 1 at 2, pala ito. Naisulat ko na ang mga ito, Unang Juan 2:1 hanggang 2.

Mumunti kong mga anak, ang mga bagay na ito ay isinusulat ko sa inyo, upang kayo'y huwag mangagkasala. At kung ang sinoman ay magkasala, ay may tagapamagitan tayo sa Ama, si Jesus Cristo ang matuwid:

Sino ang Tagapamagitan? Si Jesus Cristo ang matuwid.

At siya ang—siya ang pampalubag-loob sa ating mga kasalanan: at hindi lamang sa ating mga kasalanan, kundi ng sa buong sanlibutan din naman.

61 Ano ang Banal na Espiritu? Ito'y isang Tagapamagitan. Ano ang ginagawa ng isang . . . Ano ang isang Namamagitan? Ano ang ginagawa Nito? Gumagawa ng pamamagitan. Ito ay may awa. Ito, Ito ang tumatayo sa iyong lugar. Ito, Ito ang gumagawa ng mga bagay na hindi mo kayang gawin. Ito, Ito'y

isang pampalubag-loob sa iyong mga kasalanan. Ito ang iyong katuwiran. Ito ang iyong kagalingan. Ito ang iyong Buhay. Ito ang iyong pagkabuhay na mag-uli. Ito ang lahat ng mayroon ang Diyos para sa iyo. Siya'y isang Tagapamagitan.

⁶² Paano natin maisasa-detalye iyan at mapag-iisa-isa 'yan, ng kung paano na kapag Ito—Ito'y gumawa ng pamamagitan sa ating kamangmangan. Kung minsan kapag ang...taglay na natin ang Banal na Espiritu, ay mayroon tayong pinag-aatubilihan. Ang Banal na Espiritu ay naririyan upang gumawa ng pamamagitan para sa atin. Siya ang ating Tagapamagitan. Itinatayo Niya ang ating...Siya ang ating Abogado. Siya'y tumatayo roon at nakikiusap para sa atin. Hindi tayo ang nakikiusap para sa ating sarili, dahil ang Banal na Espiritu na nasasa atin ang nakikiusap para sa atin. Ang Banal na Espiritu na nagbibigay ng pananalita, kung minsa'y ng mga salitang hindi mo maunawaan, at Siya'y gumagawa ng pamamagitan para sa atin. Iya'y kung ano ang Banal na Espiritu.

⁶³ Kapag nararaan ko ang anuman, ako—ako'y naglalakad na gaya ng isang maliit na bata; ikaw ay naglalakad na gaya ng isang munting nilalang. Tayo, tayo'y naglalakad sa isang madilim na sanlibutang puno ng mga kaaway, puno ng kasalanan, puno ng mga bitag, puno ng lahat ng mga bagay.

Sinasabi mo, “Oh, ako'y natatakot. Ako'y natatakot na mamuhay-Cristiyano. Ako, ako'y natatakot na gawin *ito*. Natatakot akong gagawin ko *ito*.

Huwag kang matakot. May Tagapamagitan tayo. Amen. Oh, inaalalayan Niya tayo. Siya'y nasa atin, at Siya'y gumagawa ng mga pamamagitan para sa atin. Ang Banal na Espiritu, ay lagi-laging gumagawa ng pamamagitan para sa atin' sa lahat ng oras. Siya ang ating Tagapamagitan. Oh, gaano natin pinasasalamatang ang Diyos dahil diyan!

⁶⁴ Isang tatak, isang tanda, ang Espiritu ng Buhay, ang Diyos ng Kalangitan, ang Mang-aaliw, ang Buhay, ang Tagapamagitan. Siya ay ano! Oh, naku! Makapagpapatuloy tayo sa loob ng mahabang oras dito.

⁶⁵ Ngayon tayo'y magpapalit lamang sa ilang sandali. Ngayoy itatanong natin ngayon . . .

Ipinangako sa atin sa mga huling araw! Itong Tagapamagitan, tatak, pangako, lahat ng pinag-usapan natin tungkol sa Kanya ngayong gabi, nang sampung libong beses pa, Ito ay ginawang isang pangako sa atin sa huling araw.

Wala sila Nito nung araw na yaon. Mayroon lang silang tatak sa kanilang laman, bilang isang sagisag at isang tanda, sinasampalatayanang Ito ay darating, at sila'y lumakad alinsunod sa anino ng kautusan. Na, sila nga'y tinuli sa laman.

⁶⁶ Ngayo'y hindi tayo lumalakad alinsunod sa anino ng kautusan. Lumalakad tayo sa pamamagitan ng kapangyarihan ng pagkabuhay na mag-uli. Lumalakad tayo sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu, Na Siyang ating tunay na tatak, ang ating tunay na Tagapamagitan, ang ating tunay na Mang-aaliw, ang ating tunay na tanda na tayo'y ipinanganak mula sa Itaas; kakatwa, kakaibang mga tao, kumikilos nang kakatuwa, nananatili sa Diyos sa Kanyang Salita, tinatawag na mali ang lahat ng iba pa. Ang Salita ng Diyos ay tumpak. Iya'y... Oh, naku! Iya'y kung ano ang Banal na Espiritu.

⁶⁷ Hinahangad n'yo ba Ito? Ibig n'yo bang taglayin Ito? [Ang Kongregasyon ay nagsabi, "Amen."—Ed.] Tingnan natin kung Ito nga ay ipinangako.

Ngayo'y bumalik tayong muli sa Isaias, sa Aklat ng Isaias. Kunin natin ang ika-28 kabanata ng Isaias. Ngayo'y tutunguhin natin ang Isaias 28, at sisimulan natin mga sa... Kunin natin ang ika-8 talata, tingnan kung ano ang sinabi ni Isaias, pitong daan at labindalawang taon bago dumating Ito.

⁶⁸ Makapagsasabi tayo ng marami tungkol dito, babalik, pabalik hanggang dulo, pero magsisimula lang tayo agad rito at titingnan kung Ito ay ipinangako sa Iglesya. Anong araw ba Ito ipinahiwatig na darating? Sa mga huling araw, kung kailang magkakaroon ng—ng kasamaan. Ngayon tandaan, ang salita ay nasa pangmaramihan, "mga araw," ang huling dalawang araw, ang huling dalawang libong taon.

Ngayon, ngayon ang ika-8 talata.

Lahat, sapagkat lahat ng mga dulang ay puno ng... karumihan, na anopa't walang dakong malinis.

⁶⁹ Maghanap sa paligid ngayon upang matagpuan ito. Tumingin sa paligid at tingnan kung tayo nga'y nasa ganoong araw. "Lahat ng mga dulang!" Bakit, nagtutungo sila sa Hapunan ng Panginoon, at ang unang bagay, sa makalupang pamamaraan, ay kumukuha ng lumang piraso ng tinapay na may lebadura o isang biskuwit na soda, at hinahati iyon at isinasagawa ang komunyon. Samantalang, iya'y dapat na isagawa ng may Banal na Espiritung mga kamay, at tinapay na walang lebadura. Si Cristo ay hindi marumi at masagwa, at iyan ang nagsasagisag sa Kanya.

⁷⁰ Isa pang bagay, ibinibigay nila ito sa mga taong umiinom, nagsisinungaling, nagnanakaw, naninigarilyo, ngumangata, (hu!) kahit ano lang, hangga't sila'y kasapi sa iglesya. Malayo sanang mangyari ito! Kung ang isang tao ay kumuha nito kailanman nang kinakain natin ito rito, siya ay humihinga at umiinom ng sumpa sa kanyang sarili, nang hindi kinikilala ang Katawan ng Panginoon. Kung hindi niya ipinamumuhay ang buhay, ay lumayo rito.

At kung hindi mo ginaganap ito, pinapakita nito na ang iyong sariling malay ay maysala. “Siya na hindi kumakain, ay walang bahagi sa Akin,” ang sabi ni Jesus.

⁷¹ Subalit ang lahat ng mga dulang ng Panginoon ay napuno na ng karumihan. Wala ni isa mang dakong malinis. Makinig, kung hindi nga iyan nakalarawan ngayon!

*Kanino siya . . . kanino siya magtuturo ng kaalaman?
at kanino niya ipapa . . . ipapatalastas ang balita? . . .*

*. . . sino ang makatatalastas ng kaalaman? . . . kanino
niya maipapatalastas ang balita? . . .*

“Aba, purihin ang Diyos, ako’y Presbyterian. Ako’y Metodista. Ako’y Pentecostal. Ako’y Nazarene. Ako’y Pilgrim Holiness.” Iyan ay hindi nangangahulugan ng isang bagay sa Diyos; iba na namang dulang.

. . . kanino ko maipababatid ang balita? . . .

⁷² Ano bang uri ng aral; Metodista, Baptist, Presbyterian, Pentecostal? Ang Aral ng Biblia!

. . . kanino ko maipababatid ang balita? . . .

⁷³ Paano mo nalalaman kung kailan mo tinaglay Ito? Mapupunta tayo riyan sa Biyernes ng gabi. Kita n’yo?

*. . . kanino ko maipababatid ang balita? (ngayo’y
masdan) silang nangalayo sa gatas, at nangahiwalay sa
mga suso.*

⁷⁴ Sinasabi ng mga mumunting sanggol, “Aba, nagsisimba ako, ang mama ko ay kasapi ng iglesyang ito.” Ako’y walang ano mang laban diyan, mahal na kapatid na lalaki. At napagtatanto kong ito ay itinetep. Ayos lang iyan, kasapi sa iglesya ni mama. Ngunit, makinig, si mama ay lumakad sa isang ilaw, ika’y lumalakad naman sa iba.

⁷⁵ Si Luther ay lumakad sa isang ilaw; si Wesley naman ay lumakad sa iba. Si Wesley ay lumakad sa isang ilaw; ang Pentecostes ay lumakad naman sa iba. Ngunit tayo’y lumalakad sa higit na mataas kaysa riyan ngayon. At kung may isa pang henerasyon, ito’y lalagpas sa atin.

⁷⁶ Pabalik noong mga sinaunang araw, nang ang bagay ay malawak, malawak na malawak, si Luther ay nagturo ng pag-aaring-ganap sa pamamagitan ng pananampalataya. Iyan ay upang dalhin lamang ang mga tao mula sa Katolisismo patungo sa Protestantismo, sa pakikipagkaisa sa palibot ng Salita. Ang pag-aaring-ganap sa pamamagitan ng pananampalataya, iyan ay isang malaki’t malawak na kalagayan. Hindi na sila lumipat mula riyan.

⁷⁷ Pagkaraan ay dumating ang isa pang rebaybal na tinatawag na John Wesley. Inuga sila nito mula riyan, at dinala siya sa pagpapakabanal, nag-iwan . . . isang mainam, malinis, at banal

na buhay, na pinabanal ng Salita ng Diyos, nagbigay ng galak sa inyong puso. Pinauga niyan ang marami sa doktrinang Lutheran.

⁷⁸ Pagkatapos pagkaraa'y dumating ang Pentecostes na may bautismo ng Banal na Espiritu, at pinakitid itong muli, sa pamamagitan ng pagtanggap ng Banal na Espiritu. Iya'y tama.

At ngayon iya'y nagsimulang umuga. At ang mga kaloob, at ang pagpapanumbalik, at ang Espiritu ng Diyos ay dumating na, sa kabuuan ng mga tanda at mga kababalaghan, papasok sa Iglesya, at nakapagpauga sa Pentecostes. Ano ito? Malapit na malapit na tayo sa Pagdating ng Panginoong Jesus, hanggang sa ang mismong Espiritu na nasa Kanya ay kumikilos sa Iglesya, ginagawa ang mismong gayon ding mga bagay na ginawa Niya nang Siya ay naririto sa lupa. Kailanma'y hindi ito naging gayon sa kahit saan, mula pa sa panahon ng mga apostol hanggang sa panahong ito.

Bakit? Tingnan n'yo, ito'y malawak; papakitid, nang papakitid, nang papakitid. Ano ito? Gaya lang ng iyong kamay na lumalapit sa isang anino; ang negatibo, papanegatibo, nang papanegatibo. Ngunit ano ito? Ito'y isang paglalarawan. Si Luther ay ano? Isang paglalarawan ni Cristo. Si Wesley ay ano? Isang paglalarawan ni Cristo.

⁷⁹ Tingnan n'yo, katatapos lamang ng panahon ni Billy Sunday. Nang nakaraang araw, ang matandang si Doktor Whitney, ay nakapagturo dito mismo sa pulpitong ito, ang pinakahuli sa lumang paaralan, ay namatay, humigit-kumulang sa siyamnapu, sa palagay ko. Si Billy Sunday ay isang rebaybalista sa mga nominal na iglesya nang panahon niya. Siya'y hindi natakot; tumayo roon at sumigaw ng, "Lahat kayong mga Metodista'y bumalik sa pang-rebaybal na pagtitipon, mga mangangaral at lahat! Lahat kayong mga Baptist bumalik sa pang-rebaybal na pagtitipon! Kayong mga Presbyterian!" Hindi siya natakot. Siya ang Billy Graham ng panahong ito.

⁸⁰ Pansinin. At pagkatapos, sa gayon ding panahon na ang nominal na iglesya ay nagkakaroon ng kanilang rebaybal, ano ang naganap? Ang Full Gospel ay nagkakaroon ng isang rebaybal. May dumating na mga magkakapatid na lalaking Bosworth, Smith Wigglesworth, at Doktor Price, Aimee McPherson, lahat ng mga yaon.

Tingnan n'yo, si Smith Wigglesworth ay namatay isang gabi. Si Doktor Price ay namatay kinabukasan ng umaga. Sa loob ng dalawampu't apat na oras ay nasa larangan ako.

⁸¹ Ngayon ang aking katapusan ay malapit na. Tingnan n'yo ang... Wala kayong masyadong naririnig tungkol kay Billy Graham. Wala kayong masyadong naririnig tungkol kay Oral Roberts. Nakikita ko ang aking mga pagtitipon na papatapos

na. Ano ang dahilan? Tayo'y nasa dulo na, isa na namang kapanahunan.

⁸² Papaano pumasok si Billy Sunday, at sila? Sila'y pumasok pagkatapos lang ng dakilang rebaybal ni Moody. Kailan pumasok si Moody? Pagkatapos lang ng rebaybal ni Knox. Kailan pumasok si Knox? Pagkatapos lang ng rebaybal ni Finney. Si Finney pagkatapos ni Calvin, si Calvin pagkatapos ni...Kaya, si Wesley, at si Wesley pagkatapos ni Luther. Sa bawat kapanahunan ay dumarating ito. Sa sandaling matapos ang isang rebaybal, pinalilitaw ng Diyos ang isa pa at nagpapakalat ng mas maraming Liwanag; patuloy lang na kumikilos nang gayan.

⁸³ Ngayon tayong nasa dulo na ng panahong ito. Ang bawat tao ay nakatingin na sa dulo ng kanyang pinaghugpungan para sa Pagdating ni Cristo, ngunit may marami pa silang dapat asahan; ang pagbabalik ng mga Hudyo, mga flying saucer sa himpapawid, lahat ng mga bagay na nakikita natin ngayon. Ngunit tayo ay nasa dulo na. Tayo ay naririto na. Alam nilang ang Iglesia ay tatanggap ng Kapangyarihan na gagawa sa Iglesia ng gayunding mga gawa ni Cristo, sapagkat habang ang anino ay papalalim nang papalalim, at nag-aaninag ng mas marami.

⁸⁴ Ikaw ay sumilong. Malayu-layo mula sa lilim, mas maliit na aninag ang nakukuha mo sa lilim. Pagkaraan ng ilang saglit, ang lilim ay papalapit nang papalapit, hanggang sa ang puno at ang lilim ay ang siya ring bagay.

⁸⁵ Ngayon, ang Espiritu ng Diyos ay gumawa na sa ilalim ng pag-aaring ganap, sa ilalim ni Luther; ang pagpapakabanal, sa ilalim ni Wesley; ang bautismo ng Banal na Espiritu, sa ilalim ng Pentecostes; at heto Ito sa huling panahon, isinasagawa at ginagawa ang mismong gayon ding mga bagay na ginawa Nito nang Ito ay na kay Cristo. Ano ito? Ang Iglesia at si Cristo ay naging Isa.

At sa sandaling mag-ugnay Silang dalawa, iyang huling kawil, Siya'y aakyat sa himpapawid, na sumisigaw. Pataas na magtungo si Wesley, si Luther, at lahat ng iba pa sa kanila noong nakaraang mga araw na yaon doon, "ang nauuna ay mahuhuli, ang nahuhuli ay mauuna," at diyan ay darating ang pagkabuhay na mag-uli.

⁸⁶ Tayo'y nasa huling panahon na. Makinig, iyan ang ginagawa ng Banal na Espiritu. Ang Banal na Espiritu, sa pamamagitan ng pag-aaring ganap, kita n'yo, kaunting anino lang Nito; ang Banal na Espiritu, sa pamamagitan ng pagpapakabanal, medyo malalim na anino Nito; ang Banal na Espiritu, sa pamamagitan ng bautismo Nito, isang higit na malalim na anino; ngayon ang Banal na Espiritu, sa pamamagitan ng pagpapanumbalik ng mismong Katauhan Nito bilang naririto, gumagawa ng mga

tanda at mga kababalaghang tulad ng ginawa Niya sa pasimula. Hu! Luwalhati! Tatawagin akong “holy-roller,” kahit papaano’y maaari ka na ring magsimula ngayon.

⁸⁷ Makinig, mga kapatid, pakinggan ito.

...ang lahat ng mga dulang ay puno ng suka... walang dakong malinis.

Kanino niya ituturo ang kaalaman?...kanino niya ipababatid, ipapatalastas ang balita? silang nangalayo sa gatas, at nangahiwalay sa mga suso.

Hindi mga mumunting sanggol; mga sanggol na Presbyterian, mga sanggol na Metodista, mga sanggol na Pentecostal, mga sanggol na Lutheran, mga sanggol na Nazarene. Gusto Niya’y isang tao na handang lumayo sa mga suso at kumain ng kung anong matigas na pagkain. Heto na ito:

Sapagka’t utos at utos, . . . at utos; bilin at bilin, . . . at bilin; dito’y kaunti, doo’y kaunti:

Hindi kundi sa pamamagitan ng mga taong may ibang pangungusap at iba’t-ibang wika ay sasalitain ko sa bayang ito.

Na kaniyang pinagabihan, Ito ang kapahingahan na kung saa’y papagpapahingahin ninyo siya na pagod; at ito ang kaginhawahan: gayon ma’y hindi nila pinkinggan.

⁸⁸ Ang Banal na Espiritu, kung hindi nga ba sadyang sa ganyang paraan na Ito’y dumating sa Araw ng Pentecostes, nanghula sa loob ng pitong daan at labindalawang taon bago Ito dumating! Heto Ito sa Araw ng Pentecostes, dumating nang sadyang tamang-tama.

⁸⁹ May isang nagsabi, “Ipinangingilin ang araw ng sabbath.” Hindi ko tinatanggihan o ginagawan ng liwanag ang iglesya o relihiyon ng kahit sino. Ngunit ang sabi, “Ang araw ng sabbath, ang sabbath ng Diyos ay ang araw ng kapahingahan.”

Heto ang araw ng kapahingahan. [Dinampot ni Kapatid na Branham ang kanyang Biblia.] “Ito ang kapahingahan,” ang sabi Niya, “nang mapagpahinga ninyo ang mga nangapapagod.” Ito ay iyon. Amen! “Ito’y magiging utos at utos, bilin at bilin.” Heto ang kapahingahan. Ano ang Banal na Espiritu? Ang kapahingahan. Oh!

Magsiparito sa akin, kayong lahat na nangapapagal at nangabibigatang lubha, at kayo’y aking papagpapahingahin.

⁹⁰ Siya ay ano? Ang Siyang dumating sa inyo, nagbibigay sa inyo ng kapayapaan; ang inyong tanda, ang inyong Mang-aaliw; inaliw, nasa kapahingahan, natatakan.

⁹¹ Kumusta na kayo? Ito’y isang tanda; alam ng sanlibutan na may naganap sa inyo. Ano Ito? Ito’y isang Mang-aaliw. Ano Ito? Isang tatak. Kayo’y nasa kapahingahan. Kayo ay mayroong. . . Ito ang inyong Tagapamagitan. Kung, kayo, may mangyari man sa inyo, Mayroon kaagad doong namamagitan para sa inyo, kita n’yo, na gumagawa ng mga pamamagitan. Ito ang Espiritu ng Diyos na nananahan sa Iglesya, inihula nang tamang-tama kung magiging ano Ito kapag Ito’y dumating. Ito’y magiging isang walang-katapusan, Walang-hanggang kapahingahan.

⁹² Nilikha ng Diyos ang sanlibutan. Mga Hebreo, sa ika-4 na kabanata. “Nilikha ng Diyos ang sanlibutan, at nagpahinga sa ikapitong araw.” Iya’y tama.

Ang ikawalong araw ay bumabalik na muli, sa ilalim ng. . . Kanyang ibinigay iyan sa mga Hudyo para sa isang tipan, sa isang tiyak na tagal ng panahon. Iya’y tama. Ngunit sila ay humahayo at namamahinga ng isang araw; babalik, sa unang araw ng linggo, magsisimula na namang muli, nang panibago, magsisimula na naman. Hindi iyan ang kapahingahan na pinatungkulan ng Diyos.

Nang likhain ng Diyos ang sanlibutan sa loob ng anim na araw, nang Siya’y mamahinga, Siya ay nagpahinga na mula noon. Iya’y tama. Iyan ang lumutas niyon. Hindi na Siya bumalik sa ikawalong araw at nagsimula na namang muli.

⁹³ Ito lamang ay isang anino. Ngayon, iyan ay isang tipo, tulad ng buwan sa araw; ngunit kapag ang araw ay sumikat, hindi na natin kailangan pa ang buwan. Ngayo’y pansinin ito, oh, sa Apocalipsis 11, “Ang babae na may buwan sa ilalim ng kanyang mga paa, at ang araw na nasa kanyang ulunan.” Oh, maari nating saliksikin ang Biblia, nang takip sa takip, at ipakita sa inyo. Kita n’yo?

⁹⁴ Ngunit ano ito? Nang, sabihin ng Biblia sa Mga Hebreo sa ika-4 na kabanata, “Kung sila’y nabigyan sana ni Jesus ng isang araw ng kapahingahan, sana ay sinalita Niya pagkatapos ang tungkol dito; Siya ay nakapagsalita na sana tungkol sa isang araw ng kapahingahan.” Anong araw ba Siya nagsalita tungkol sa, isang kapahingahan?

Magsiparito sa akin, kayong lahat na nangapapagal at nangabibigatang lubha, at kayo’y aking papagpapahingahin.

⁹⁵ Mateo sa ika-11 kabanata, ika-22 talata. . . Tingnan, kung gayon, matatagpuan natin iyan kapag tayo’y lumapit sa Kanya. “Sapagkat siya,” ang sabi ng Mga Hebreo 4, “na nakapasok na sa kapahingahan ni Jesus, ay tumigil na mula sa kanyang mga makamundong gawa, gaya ng Diyos sa Kanyang mga gawa,” nang likhain Niya ang sanlibutan, upang kailanma’y hindi na magbalik na muli sa ganito. Gaano katagal? [Si Kapatid na Branham ay kumatok sa pulpito nang tatlong beses—Ed.] Gaano

katagal na kayo'y natatakan ng Banal na Espiritu? "Hanggang sa kaarawan ng inyong pagkatubos." Nariyan ang kapahingahan, kaaliwan, Tagapamagitan, tatak, Tagapagligtas. Oh! [Si Kapatid na Branham ay pumalampak nang isang beses.] Ako'y nagiging medyo masigla, o ako'y nagiging medyo pinagpala. Oh!

⁹⁶ "Ito ba'y ipinangako para sa atin, Kapatid na Branham? Ito ba'y pinatunayan ng Biblia?"

O sige, tayo'y magtungo sa Joel, alamin kung ano ang sinabi ng Joel tungkol Dito.

Gaano ako nagpapasalamat sa banal na Salita ng Diyos! Iniibig n'yo ba Ito? [Ang Kongregasyon ay nagsabi, "Amen."—Ed.] Sa palagay ko'y kung hindi dahil sa Salita, hindi ko alam kung saan tayo tatayo. O sige.

Nasa Joel na tayo ngayon. Tayo'y magtutungo sa Joel, sa ika-2 kabanata ng Joel, at tayo'y magsisimula sa ika-28 talata. Joel 2:28, walong daang taon bago ang pagdating ni Cristo, ang propeta na nasa Espiritu. Ngayo'y makinig.

At mangyayari pagkatapos, na ibubuhos ko ang aking espiritu sa lahat ng laman; . . . ang inyong mga anak na lalake at babae ay manganghuhula, ang inyong mga matanda ay magsisipanaginip ng mga panaginip, at ang inyong mga binata ay mangakakakita ng mga pangitain:

At sa aking mga lingkod na lalake at sa aking lingkod na babae naman ay ibubuhos ko sa mga araw na ito . . . ibubuhos, sa mga araw na yaon, ng aking espiritu.

At ako'y magpapakita ng mga kababalaghan sa langit sa itaas at sa lupa, dugo, . . . apoy, at mga haliging usok.

Ang araw ay magiging kadiliman, at ang buwan ay dugo, bago na ang dakila at . . . kakila-kilabot na kaarawan ng Panginoon ay dumating.

At mangyayari, na ang sinumang tumawag sa pangalan ng Panginoon ay maliligtas:

⁹⁷ Iya'y isang . . . Oh! Ano? Joel! Napansin ba ninyo? Sa Mga Gawa 2, ay kinuha ni Pedro ang gayunding talata. Ang sabi, "Kayong mga lalaki ng Israel, pakinggan ang aking mga salita. Ang mga ito'y hindi lasing," itong tinatakan, inaliw, kakatwa, na markadong mga tao. "Sila ay hindi lasing, gaya ng inyong pinapalagay," Mga Gawa 2, "yamang ngayo'y oras na ikatlo lamang ng araw. Subalit ito'y yaong sinalita sa pamamagitan ni Joel na propeta, na sinasabi, 'At mangyayari sa mga huling araw na ibubuhos Ko ang Aking Espiritu sa lahat ng laman.'"

⁹⁸ Ano Ito, ano ang Banal na Espiritu? O sige, ngayo'y pansinin nating muli, ipinangako sa mga mananampalataya, iya'y kung ano Ito. Ngayon, itong Banal na Espiritu, malalaman natin kung ano Ito, sa ilang saglit lang. Kanino Ito ipinangako? Sa mga mananampalataya.

Ngayo'y magtungo tayo sa Lucas, ika-24 na kabanata ng Lucas, pakinggan kung ano ang sinabi ni Jesus sa Kanyang mga huling Salita bago Niya iniwan ang daigdig. Lucas sa ika-24 na kabanata. At kayo na isinusulat ito ngayon, maaari n'yo itong markahan, pagkatapos ay pag-aralan ito bukas kapag mayroon pa kayong oras. Ngayon, Lucas 24:49, makinig kay Jesus na nagsasalita. Sa huli, nang Siya ay papaakyat na sa Kaluwalhatian, ang pag-akyat, heto ang mga Salita na sinabi Niya sa Kanyang mga alagad.

...narito, ipadadala ko ang pangako ng aking Ama...

Anong pangako? Ang tatak, ang tanda, ang Mang-aaliw, at lahat ng mga bagay na ito na aking pinatungkulan, nang libu-libo pang beses.

...ipadadala ko sa inyo ang pangako ng aking Ama:...

Anong pangako? “Ang siyang sinabi ni Isaias na darating, ‘Ako’y magsasalita sa bayang ito nang may ibang pangungusap at iba’t-ibang wika.’ Isusugo Ko sa inyo ang kapahingahang iyan. Isusugo Ko kung ano ang tungkol sa sinabi ni Joel, na, ‘Mangyayari sa mga huling araw, ang sabi ng Diyos, ibubuhos Ko ang Aking Espiritu sa inyo.’ Oh, isusugo Ko sa inyo, at gagawin ang lahat ng mga bansa, lahat ng mga tao, simula sa Jerusalem...Aking dadalhin ang binhi ni Abraham sa ilalim ng tipang ito. Tatatakan Ko ang bawat isa sa kanila. Kita n’yo, ibubuhos Ko ang Aking Espiritu.”

...ipadadala ko sa inyo ang pangako ng aking Ama: datapuwa’t magsipanatili kayo, ang ibig sabihin, ay maghintay sa bayan ng Jerusalem, hanggang sa kayo’y masangkapan ng kapangyarihang galing sa itaas.

⁹⁹ Ano ang Banal na Espiritu kung gayon? “Kapangyarihang galing sa Itaas!” Hindi kapangyarihan mula sa obispo, hindi kapangyarihang galing sa simbahan. Kundi, “Kapangyarihang galing sa Itaas!”

¹⁰⁰ Paano dumating ang Kapangyarihang iyan? Sa pamamagitan ng “pagsapi sa iglesya”? Hinahamon ko kayo na gawin, sabihin na iya’y tama. Sa pamamagitan ng “pagsapi sa isang iglesya, pakikipagkamay sa mangangaral”? Hindi po, ginoo. Ngayon, sa inyong mga Katoliko, “inilalabas ang inyong dila at pagtanggap ng unang komunyon”? Hindi po, ginoo.

¹⁰¹ Papaano Ito dumating, ang Kapangyarihang galing sa Itaas? Magbasa pa tayo nang kaunti. Tayo’y magtungo sa Mga Gawa 1:8. Sila’y sama-samang nagkakatipun-tipon ngayon. Ngayon sila’y nagsasalita tungkol kay Jesus dito, nang sila ay sama-samang nagkakatipun-tipon, at nakapagtalaga ng isa pa upang humalili sa puwesto ni Judas. Mga Gawa 1:8.

Datapuwa't tatanggapin ninyo ang kapangyarihan, pagdating nito sa inyo ng Banal na Espiritu: . . .

Ano? “Ikaw ay nagiging kasapi ng Tabernakulong Branham”? Hindi po. “Ikaw ay nagiging kasapi ng iglesyang Metodista, ng iglesyang Katoliko, ng Presbyterian”? Hindi ganyan, sa Biblia. Iya’y doktrinang gawa ng tao.

“Datapuwa’t tatanggap ka ng Kapangyarihan makaraang ikaw ay maging isang mangangaral”? Hindi po, ginoo. “Ikaw ay tatanggap ng Kapangyarihan pagkatapos na makuha mo ang iyong Batsilyer sa Sining”? Hindi po, ginoo. “Ikaw ay ta- . . . darating ang Kapangyarihan pagkatapos na makuha mo ang iyong DD”? Hindi po, ginoo. “Ikaw ay tatanggap ng Kapangyarihan makaraang ika’y mabautismuhan sa tubig”? Hindi po, ginoo. “Ikaw ay tatanggap ng Kapangyarihan pagkatapos na tanggapan mo ang unang komyunyon”? Hindi po, ginoo. Kita n’yo, iyang lahat ay walang-kuwentang bagay na gawa ng tao.

¹⁰² Pakinggan kung ano ang sinabi ng Biblia, kung ano ang sinabi ni Jesus.

. . . tatanggapin ninyo ang kapangyarihan, pagdating sa inyo ng Banal na Espiritu: (ano ang Banal na Espiritu? ang Kapangyarihan) at saka, pagkatapos nito, ay magiging mga saksi kayo. . . (“Kayong labindalawa lang, kayo’y maging saksi sa Jerusalem?”) . . . kayo’y magiging mga saksi sa akin sa Jerusalem, . . . Judea, . . . Samaria, at sa kahuli-hulihang mga hangganan ng lupa. (Na kailanma’y hindi pa naaabot.)

At pagkasabi niya ng mga bagay na ito, . . . pagkasabi niya ng mga bagay na ito, nang siya’y tinitingnan nila, ay dinala siya sa itaas sa alapaap at tinanggap. . . mula sa kanilang mga paningin.

¹⁰³ Ngayo’y lumipat agad sa kabila ng pahina, masdang mangyari ang mga hulang ito.

At nang dumating nga ang araw ng Pentecostes, sila ay nasa isang . . . silang lahat ay nangagkakatipon sa isang dako.

“At biglang dumating ang pastor at . . .”? Nawala ako sa linya riyan, hindi nga ba? “Biglang dumating ang pari sa altar”? Hindi po.

At biglang dumating ang isang ugong. . .

Hindi isang pagkukunwari lang; Ito ay naroroon, isang ugong.

“Ang isang ministro ay papalapit sa pintuan”? “Naisagawa ng pari ang komyunyon, lumalabas sa dakong banal”? Hindi, walang tulad ng ganyan.

*...dumating mula sa langit ang isang ugong...
(Hindi ang kaluskos ng mga paa)...dumating mula sa
langit ang isang ugong na gaya ng...isang humahagibis
na hanging malakas (oh, naku! Whoosh!...?...?)...at
pinuno ang buong bahay na kanilang kinauupuan.*

¹⁰⁴ Ano ang Banal na Espiritu? Mula Rito'y nakakakuha sila ng Kapangyarihan. Mula Rito'y dapat na naghintay sila; heto ang nangyari nang gawin nila iyon. Ang lahat ay nangagsipaghula, mula sa Genesis hanggang sa katapusan, mula kay Abraham hanggang tuluy-tuloy; Ito ay darating, at kung papaano Ito darating, at ang mga kinalabasan ay darating. Ano Ito? Ipinangako sa Iglesya, sa mga mananampalataya.

...at pinuno ang buong bahay na kanilang kinauupuan.

At sa kanila'y may napakitang mga nagkabaha-bahaging dilang kawangis...ng apoy, at dumapo sa bawa't isa sa kanila.

At silang lahat ay nangapuspos ng Banal na Espiritu, at nangagsimulang magsalita ng iba't ibang wika, ayon sa ipinagkakaloob ng Espiritu na kanilang salitain.

Ngayon tayo'y dadako riyan, sa Biyernes ng gabi. Iiwan lang natin 'yan diyan, kita n'yo.

¹⁰⁵ Papaano kaya Ito? Ito'y isang pangako sa Iglesya, tiyak na isang pangako. O sige.

¹⁰⁶ Ngayon, aalamin natin ngayon, pagkaraang sila'y mapuspos, sila ay natatakan hanggang sa gaano katagal? [Ang kongregasyon ay nagsabi, "Hanggang sa kaarawan ng pagkatubos."—Ed.]

Ilan dito ang mayroon nang Banal na Espiritu? Tingnan natin ang inyong mga kamay. Mas marami ang may Banal na Espiritu kaysa sa wala. Nais namin kayong maging isa sa amin, kapatid na lalaki, kapatid na babae. Kapag naunawaan mo kung ano Ito, Ito'y...Ito ang Espiritu ng Diyos na nananahan sa iyo, upang gawin ang mga gawa ng Diyos.

Sa tuwing isinusugo ng Diyos ang alinmang Espiritu Niya sa alinmang mga lingkod Niya, alinmang mga propeta Niya, alinmang mga tagapagturo Niya, alinmang mga apostol Niya, ay lagi silang tinatanghian ng sanlibutan. Sila ay ipinapalagay na mga baliw, sa bawat kapanahunan ay mayroon nga. Maging nang si Pablo ay tumayo sa harap ni Agrippa, sinabi niya, "Sa paraang iya'y tinatawag na maling pananampalataya..." Ano ang *maling pananampalataya?* "Baliw." "Sa paraang tinatawag nilang baliw, isang pulutong ng mga maluluwag ang turnilyo, sa ganyang paraan ko sinasamba ang Diyos ng aming mga Magulang." [Si Kapatid na Branham ay pumalakpak nang isang beses—Ed.] Ako'y labis na nagagalak na nasasabi kong ako'y isa

sa kanila. Opo, ginoo. Iya'y tama. Ako'y labis na nagagalak at masasabi kong ako'y isa sa kanila.

¹⁰⁷ Ngayon, pagkatapos na ang Banal na Espiritung ito ay dumapo sa kanila, sila'y ginawa Nitong labis na mga mababait at palakaibigang mga tao hanggang sa ang lahat ay naging magkakapareho. Tama ba 'yan? Aba, naku, ano'ng pakikipagkaisa! Inaawit natin ang awiting iyan kung minsan, "Oh, anong pakikipagkapatiran! Oh, anong Banal na kagalakan!" Iyan nga. Wala silang pakialam, wala silang pakialam kung ang—ang araw ba'y sumikat o hindi. Hindi sila humingi ng isang mabulaklak na higaan ng kaginhawahan.

"Ngayon, tatanggapin ko ang Banal na Espiritu," ang sinasabi ng ilang mga tao sa akin, "Ginoong Branham, kung gagarantiyahan mo ako na ako'y magiging isang milyonaryo, kung gagarantiyahan mo ako na ako'y makakakita ng mga balon ng langis, at kung ako'y makakakita ng mga gintong mina, at ako—ako. . ." Kita n'yo, itinuturo iyan ng mga tao, at sila'y nagtuturo ng isang kasinungalingan. Hindi ipinangako ng Diyos ang mga gayong bagay.

¹⁰⁸ Ang isang taong nakatanggap na ng Banal na Espiritu ay walang pakialam kung siya ba'y namamalimos ng tinapay, o hindi. Walang nagagawang anumang pagkakaiba sa kanya. Siya'y isang nilalang na patungo sa Langit. Siya'y hindi. . . Wala siyang mga koneksiyon dito, sa ano pa man. Iya'y tama. Siya'y walang pakialam. Hayaang dumating, hayaang umalis, anoman ang mangyari. Hayaang mamintas sila, magtawa. Mawala ang iyong karangalan, ano ang iyong pakialam? Ika'y patungo na sa Kaluwalhatian! Aleluya! Ang iyong mga mata ay nakapako kay Cristo, at ika'y patungo na. Ika'y walang pakialam kung ano ang sinasabi ng mundo.

Iya'y kung ano ang Banal na Espiritu. Ito'y isang Kapangyarihan, Ito'y isang tatak, Ito'y isang Mang-aaliw, Ito'y isang Tagapamagitan, Ito'y isang tanda. Oh, naku! Ito'y ang kasiguruhan na tinanggap ka na ng Diyos.

Gaano karaming oras na ang aking nagamit? Mayroon na lang akong walong minuto pa. O sige. Hayaan akong. . . Ako'y marami pang mga Kasulatan dito. Sa palagay ko'y hindi ko maisisingit ang mga ito, ngunit ating—ating sisikapin ang buong makakaya natin.

¹⁰⁹ Ngayon, pagkatapos na ang isang tao ay mapuspos ng Banal na Espiritu, maaari bang mangyari na ang mga pag-uusig at mga bagay-bagay ay makapagdulot sa kanya na kailangang bumalik at. . . Ngayon, siya'y hindi mapapahamak, siya'y isa pa ring anak ng Diyos, siya'y palagi nga, dahil ika'y natatakan nang gaano katagal? [Ang sabi ng kongregasyon, "Hanggang sa kaarawan ng pagkatubos."—Ed.] Iya'y tama. Iyan ang sinabi ng Biblia.

¹¹⁰ Ngayon, pagkatapos na magulpi ang mga alagad, sila ay inuyam, pinagkatuwaan, at lahat-lahat na, inisip nila na panahon na upang sama-samang bumalik sandali. Lumipat tayo sa—sa Mga Gawa sa ika-4 na kabanata, at tingnan kung kailan sila. . . ano'ng nangyari. Ngayon ito'y para sa inyong mga tao na mayroon na Nito. Mga Gawa sa ika-4 na kabanata.

Ngayon, sina Pedro at Juan ay ginulpi, ikinulong, dahil sa pagpapagaling, pagkakaroon ng gawaing pagpapagaling sa labas ng tarangkahan ng simbahan. Ilan ang nakakaalam niyan? May isang lalaking nakahiga roon, na halos lumpo sa kanyang paa. Hindi siya makalakad; matagal nang ganyan sa loob ng apatnapung taon. At si Pedro'y dumaan. At sinabi niya. . . inilabas ang kanyang tasa, para makakuha ng isang bagay na mailalagay sa kanyang tasa, bilang pagkain.

At ipinakita ni Pedro na siya'y isang mangangaral na puspos-ng-Banal-na-Espiritu, wala siyang kaperaper. Sinabi niya—sinabi niya, “Pilak at ginto ay wala ako.” Kita n'yo, siya'y walang pakialam tungkol diyan. Ngunit siya ay isang— isang nilalang na patungo sa Langit. Oh, gaano ko ninanais na sana'y mayroon tayong oras para tumigil sandali roon, kita n'yo. Siya ay patungo sa Langit. Siya ay inaliw. Taglay niya ang Espiritu. Taglay niya ang Kapangyarihan. Siya'y lumakad pa at nagsabi, “Pilak at ginto ay wala ako, subalit kung ano ang mayroon ako ay siya kong ibibigay sa iyo.”

Walang pagdududang sinabi ng lalaki, “Ano ang mayroon ka, ginoo?”

“Mayroon akong pananampalataya. Mayroon ako sa aking puso na nagsimula ng pagkaraan ng halos sampung araw. Ako noo'y nasa itaas na silid doon, at bigla na lamang, na ang lahat ng mga pangako na ginawa ng Diyos. . . Ako'y nakalakad nang kasama ni Jesus Cristo sa loob ng tatlo at kalahating taon. Ako'y nangisdang kasama Niya, sa labas na hinahatak ang mga isda. Nagawa ko ang iba't-ibang mga bagay na ito. At nakita kong pinagaling Niya ang mga maysakit. Ako. . . Paulit-ulit Niyang sinasabi sa akin, 'Ang Ama ay nasa Akin; ngunit kapag Ako'y umalis, Siya'y sasa inyo.' Kung kaya, hindi ko maunawaan iyan. Ngunit sinabi Niya, 'Ngayon, hindi Ko inaasahang unawain ninyo ito.'”

Hindi mo nauunawaan ang mga bagay na ito; kinukuha mo lamang ang mga ito. Hindi ko pa ito nauunawaan. At huwag mong sabihin sa aking nauunawaan mo; dahil, hindi mo nauunawaan. Kita n'yo? Kaya, hindi ko maunawaan Ito, hindi ko maipaliwanag Ito; subalit, ang tanging bagay na alam ko, ay mayroon na ako Nito.

“Aba, aba,” ang sinasabi mo, “iya'y hindi sa paraang makasyentipiko.” Oh, tiyak na ito nga.

¹¹¹ Tingnan n'yo silang mga ilaw. Nang matuklasan ito ni Benjamin Franklin, ang sabi niya, "Nakuha ko na." Hindi niya alam kung ano ang nakuha niya, ngunit nasa kanya na iyon. At nais kong may magsabi sa akin ngayong gabi kung ano ba ang kuryente. Hindi pa nila alam kung ano ito, ngunit mayroon na tayo nito. Amen. Iya'y tama. Walang taong nakakaalam kung ano ba ang kuryente. Magagamit nila ito, pailawin ito, paapuyin ito, pagalawin ito. Ngunit ito'y—ito'y nililikha ng mga generator, dalawang pirasong sabay na dumadaloy nang *ganyan*. Iyan ay ginagawa nito, at iyan lang ang alam nila. Ito'y magbibigay ng ilaw, at ito'y may lakas sa loob nito.

¹¹² At iyan ay tulad ng Espiritu ng Diyos. Kapag ikaw ay tumanggap ng isang bahagi, ay ikaw, at ang ibang bahagi ay ang Diyos; at paganahin ang mga ito nang sama-sama nang *ganyan*, ito'y may gagawin para sa iyo. Iya'y tama. Ito'y magbibigay ng Liwanag. Ito'y magbibigay ng Kapangyarihan. Hindi mo alam kung ano Ito, at hindi malalaman kung ano Ito, ngunit alam mo kung mayroon ka na Nito. Iyan ang tanging bagay na tiyak. At Ito'y para sa iyo. Ito'y iyo. Ito'y ang kasiguruhan. Iya'y tama.

Ano ang ipinakikita ng liwanag na *iyang*? Mayroong kasiguruhan. Ito ang liwanag.

Ngayo'y pansinin ito. Ngayon, hindi mo alam kung ano Ito.

¹¹³ Ngunit sinabi ng mga lalaking ito, "Bueno," sila'y. . . sila ay nagsabi ng isang bagay na alam nila, "alam naming sila ay mangmang." Marami pang "mga hibang," kita n'yo, gaya ng munting Alemang nagsabing siya nga. Kita n'yo? Ang sabi, "Sila'y mga mangmang at walang pinag-aralan. Subalit nakasama na nila iyang Mangingisda, iyang Karpintero doon, na tinatawag na Jesus, sasabihin ko sa inyo, dahil ginagawa nila ang gayon ding mga bagay na ginagawa Niya."

¹¹⁴ Iya'y kung ano ang Banal na Espiritu, ay si Jesus na nananahan sa isang mangmang na mangingisda, isang karpintero, o maging ano pa man, mangangaral na walang pinag-aralan, maging ano pa man ito. Ito'y isang taong nagnanais na maging mangmang sa mga bagay ng sanlibutan, at hinahayaang pumasok ang Jesus sa kanya, ang Espiritu ng Diyos, ang tatak, ang Mang-aaliw. Siya'y walang pakialam tungkol sa karangalan; ang tanging bagay na gusto niya ay ang Diyos.

¹¹⁵ Nang ang Diyos ay nagsasaayos, ay Kanyang sinabi, "Kayong lahat na mga Levita, tinawag Ko kayong palabas at ginawa kayong mga saserdote. At lahat ng inyong mga kapatiran, ang iba pa, ang labindalawang angkan at. . . ang iba pang labing-isang angkan ay magbibigay sa inyo ng mga ikapu."

"Kapag, nakakuha kayo ng siyam na takalang mga mansanas, ay ibuhos ang isang takalan sa mga Levita. Kapag pinaraan n'yo ang inyong tupa sa—sa bulwagan dito, ay kunin ang ikasampung tupa. Hindi mahalaga sa akin kung ito'y isang

maliit na klase, o isang malaking klase, matabang klase, o mahinang klase, iyan ay pag-aari ng mga Levita.

“Ngayon, mga Levita, kapag ito’y nakuha n’yong lahat, saka kayo magbibigay ng ikapu, rin, sa Panginoon. Gawin ninyo ang handog na niluglog, ang mga handog na itinaas, ang iba’t-ibang mga alay. Kayo’y magbigay ng ikapu sa Panginoon.”

¹¹⁶ Ang sabi, “Moises, para sa iyong bahagi, Ako ay iyo.” Oh, naku! Sinabi Niya, “Ako’y ang iyong kasapatang bahagi.”

At iya’y kung ano ang Banal na Espiritu sa Iglesya ngayon. Pilak at ginto ay wala ako, ngunit ako’y may kasapatang Bahagi. Aleluya! Edukasyon, halos hindi ko nga mabasa ang Librong ito, ngunit mayroon akong kasapatang Bahagi. Iya’y mainam. Digri ng doktor, wala ako maski ano; mga Ph.D o mga LD, o wala nang iba pa. Ngunit may isang bagay na mayroon ako, ang kasapatang Bahagi. Iyan ang bahaging nais ko. Iyan ang bahaging nais ng Diyos na taglayin mo. Itapon mo ang lahat ng natitira pang mga dating bagay na ito, ang lahat ng karangalan at lahat ng iba pa, at lumabas at kunin ang kasapatang Bahagi ng Diyos.

¹¹⁷ Pagkat, kung ano ang mayroon ka ukol sa mundong ito, ay iiwan mo rito kapag ikaw ay umalis. Subalit kung taglay mo iyang kasapatang Bahagi, ika’y dadalhin Nitong pataas nang sadyang tiyak. Tayo’y laging kumukuha ng seguro, ngayon, upang ibigay sa tagapangasiwa ng mga libing. Kunin natin ang kasapatang Bahagi ng Diyos, at kunin ang Tagapangasiwa sa Itaas kaysa sa tagapangasiwa ng mga libing. Alam mo, kapwa silang gumagawa.

¹¹⁸ Ngayo’y tingnan natin.

. . . nang sila’y mangapakawalan na, ay nagsiparoon sa kanilang mga kasama, . . .

Hindi pabalik sa mga saserdote. Kita n’yo, ipinakita niyan na mayroon sila Nito. Hindi sila babalik diyan sa dating, malamig, at pormal na bagay na muli, hindi; babalik at sasabihin, “Ngayon tingnan n’yo rito kung ano ang ginawa nila sa atin!” Hindi, hindi. Sila’y may sarili nilang mga kasama. May mga isang dosena lang sa kanila ang naroroon diyan, ngunit iyan ay isang sapat nang samahan, isang munting mga taong iilan lang.

. . . nang sila’y mangapakawalan na, . . .

Pagkatapos nilang gulpihin sila at bantaan sila, ang sabi, “Kung magbabautismo pa kayong muli sa Pangalan ni Jesus!” O, naku, ibig kong sabihi’y ang . . . Bueno, iya’y tama. Kita n’yo? “Kung mangangaral pa kayong muli sa Pangalan ni Jesus, maging ano pa man ang inyong gawin, ay huhulihin namin kayo!”

¹¹⁹ Ang sabi, “Hu, iya’y talagang isang banta. Tayo’y magtungo sa lahat ng iba pang mga kapatid na lalaki.” Oh, iyan ang daan.

Sa pagkakaisa'y may kapangyarihan. Sa pagkakaisa ay may kapangyarihan. Sabi, "Tayo'y magtungo na lang sa lahat ng iba pang mga kapatiran at alamin kung ano ang magagawa natin."

¹²⁰ Ngayon silang lahat ay nagkatipun-tipon at nagsasalaysay ng iba't-ibang mga karanasan.

. . . nang sila'y nangapakawalan na, ay nagsiparoon sa kanilang mga kasama, at iniulat ang lahat ng sa kanila'y sinabi ng mga pangulong saserdote at ng matatanda.

At nang marinig nga nila iyan, ay nangagkaisang itaas nila ang kanilang mga tinig sa Diyos, . . .

Ngayo'y makinig kung ano ang sinabi nila. Abangan siya, abangan sila, na hindi bumalik at sabihin, naku, tungkol sa iba namang bagay, "O Panginoon, labis kong ikinalulungkot. . ." Hindi. Sila'y nailigtas na. Sila ay pinuspos ng Espiritu. Sila ay may Buhay na Walang Hanggan.

. . . itinaas ang kanilang tinig. . . na nangagkakaisa, at sinabi, Panginoon, ikaw ay Diyos, . . .

Amen! Iyan ay sadyang gusto ko, Kapatid na Palmer. Iyan ay gusto ko.

. . . ikaw ay Diyos (alam namin 'yan) na gumawa ng langit, at lupa, at ng dagat, at lahat ng nangasa mga yaon:

Na sa pamamagitan ng bibig ng iyong lingkod na si David. . . sabi, . . .

¹²¹ Ngayo'y tingnan, ika'y magbabalik, na ang sinasabi, "Ngayon, kami'y hindi isang. . ." Ngayo'y lumabas ka roon at sabihin, "Bueno, ngayon, Panginoon, ngayon teka nga muna rito. Pinagkakatuwaan lang nila ako nang labis!" Hindi ba't sinabi Niyang gagawin nila iyon?

"Ang lahat ng nabubuhay nang banal kay Cristo Jesus ay daranas ng mga pag-uusig."

"Naku e, alam mo, sinabi sa akin ng amo ko na kung nahuli niya. . ." Hindi ba't sinabi nilang sasabihin nila 'yan? "Naku e, alam mo, dinala nila ako sa korte nung nakaraang araw, tungkol Dito."

¹²² Hindi ba't sinabi Niya, "Kayo'y dadalhin sa harap ng mga hari at mga pinuno, dahil sa Aking Pangalan. Huwag isipin kung ano ang inyong sasabihin, sapagkat hindi kayo ang siyang magsasalita?" Nakita kong nangyari 'yan kahapon. "Ito'y ang Banal na Espiritu na nananahan sa inyo; Siya ang gagawa ng pagsasalita." Kita n'yo, "Siya." Iya'y tama. Oo. "Huwag isipin kung ano ang inyong sasabihin."

Panginoon, sa pamamagitan ng. . . Na sa pamamagitan ng iyong. . . bibig ng iyong lingkod na si David ay nagsabi, Bakit nangagalit ang mga pagano,

at nagsipaghaka ang mga tao ng isang bagay na walang kabuluhan?

Nagsitayong handa ang mga hari sa lupa, at ang mga pinuno . . . nangagpisanpisan laban sa Panginoon, at laban sa kaniyang Pinahiran.

. . . sa katotohanan, Panginoon, laban sa iyong banal na anak na si Jesus, na siya mong pinahiran, ang dalawa ni Herodes, at ni Poncio Pilato, kasama ng mga Gentil, at ng mga bayan ng Israel, . . . nangagpisanpisan,

Upang gawin ang anomang naitakda na ng iyong kamay at ng iyong pasiya upang mangyari.

Oh, naku! Iyan ay gusto ko. “Panginoon, sadyang ginagawa nila ang mismong bagay na sinabi Mong gagawin nila.” Ano ang sabi ng Biblia?

Sa mga huling araw, ay magkakaroon ng mga manunuya, mga matitigas ang ulo, mga palalo, mga maibigin sa kalayawan kay sa mga maibigin sa Diyos;

. . . mga walang paglulubag, mga palabintangin, mga walang pagpipigil sa sarili, . . . hindi mga maibigin sa mabuti,

Na may anyo ng kabanalan, datapuwa’t tinatanggihan . . .

Kailanma’y hindi sila umakyat doon at tumanggap ng Kapangyarihan, “pagkatapos nito ang Banal na Espiritu ay darating sa inyo.”

Na may anyo ng kabanalan, datapuwa’t tinatanggihan ang kapangyarihan nito: lumayo ka rin naman sa mga ito.

Iya’y kung ano ang Banal na Espiritu. Kita n’yo?

. . . kung ano ang nakatakda . . . na gagawin.

. . . ngayon, Panginoon, tingnan mo ang kanilang mga bala: at—at ipagkaloob mo sa iyong mga alipin, na salitain namin ang iyong salita ng buong katapangan,

Oh, gusto ko ’yan! Ilabas iyang dating buto ng mithiin, at kumuha ng isang tunay na gulugod ryan. Ngayon masdan rito.

. . . salitain nawa namin ang iyong mga salita,

Samantalang iyong inuunat ang iyong kamay upang magpagaling; . . .

Oh, kapatid! Hindi namamatay ang mga demonyo, ngunit ang Banal na Espiritu ay hindi rin. Kita n’yo?

. . . pag-unat ng iyong kamay upang magpagaling; . . . upang mangyari nawa ang mga tanda at mga kababalaghan sa pangalan ng iyong banal na anak na si Jesus.

Nakikita n'yo kung ano ang pinagtatalunan nila, hindi ba? Ginagawa nila ang gayon ding bagay ngayon, ngunit wala itong nagagawa ni kaunting buti.

At nang sila'y makapanalangin na, ay nayanig ang dakong pinagkakatiyungan nila; at nangapuspos silang lahat ng Banal na Espiritu, at . . . kanilang sinalita nang may katapangan ang salita ng Diyos.

¹²³ Hu! Naku! May natanggap sila nang sila'y umakyat doon, hindi ba? Sinabi ng pangako na iya'y kung ano ang Banal na Espiritu, ang bigyan kayo ng katapangan, ang bigyan kayo ng aliw, ang tatakan kayo, bigyan kayo ng tanda. Oh, naku!

¹²⁴ Makinig. Oh, sana'y meron lang tayong pagkakataon, makakasama tayo kay Felipe na bumaba patungo sa mga Samaritano. Sa Mga Gawa 8:14; kayong lahat na mga nagtatala nito. Sila'y tumanggap ng napakalaking kagalakan, nagkaroon sila ng mga dakilang pagpapagaling, ngunit sila'y nabautismuhan sa Pangalan ni Jesus Cristo. Subalit nagsugo sila sa Jerusalem, upang sunduin si Pedro; siya'y nanaog at nagpatong ng mga kamay sa kanila, at tinanggap nila ang Banal na Espiritu. Mga Gawa 8:14.

¹²⁵ Ang mga Gentil, may isang nagngangalang Cornelio. Siya'y isang kahanga-hangang lalaki, nagbigay ng mga ikapu, nagpatayo ng mga sinagoga para sa mga tao, iginalang ang Diyos, kinataktatan ang Diyos; isang mabuting tao, mabuting Presbyterian, Metodista, Baptist, o kung anong iba pa, kita n'yo, isang napakabuting tao. Ngunit isang araw, ay sinabi ng Diyos, "Siya'y isang mabuting tao; kaya papupuntahin ko na lang siya sa isang pagtitipon. Kakailanganin ko ang Aking mangangaral sa banda rito at sabihin sa kanya ang tungkol Dito." O sige.

Kaya nakakita siya ng isang pangitain, ang sabi, "Bumaba ka sa Joppa, at matatagpuan mo roon sa ibaba ang isang nagngangalang Simon, isang mangluluto ng balat. At may isa, si Simon Pedro, na naroon sa loob. Paakyatin siya rito; sasabihin niya sa iyo ang paraan, pagkat siya'y may natanggap na."

¹²⁶ At samantalang si Pedro'y nakatayo roon . . . At sasambahin na sana ni Cornelio ang mangangaral na iyon. Siya nga. Ngunit sinabi ni Pedro, "Tumayo ka. Ako'y isang taong tulad mo."

"At samantalang sinasabi pa ni Pedro ang mga Salitang ito," tungkol sa kung paano sila bumalik, sa pasimula sa . . . Tungkol sa gayon ding mga bagay na sinasabi ko, kung paano ipinangako ng Diyos na ibubuhos ang Banal na Espiritu. "Samantalang sinasabi niya ang mga Salitang ito, ang Banal na Espiritu ay bumaba sa kanila." Hu! Oo. Iya'y kung ano ang Banal na Espiritu, kung para kanino Ito. Sigurado. "At silang lahat ay nangapuspos ng Banal na Espiritu."

¹²⁷ Ngayo'y pansinin sa Mga Taga Efeso, may isang kapatid na lalaking Baptist. Siya'y isang abogado noong una, matalino,

marunong na tao, kabisado ang batas; dakilang tao, isang iskolar. Isang araw ay nabasa niya ang Biblia, at nakita niyang may isang darating sa pangalan ng Mesiyas. At nang iya'y gawin niya, aba, nagsimula siyang makarinig tungkol sa Jesus na ito, at sinabi niya, "Ako'y kumbinsido. At tapatan kong inihahayag ang aking pananampalataya na si Jesus ay ang Cristo, ang Anak ng Diyos." Siya'y isang tunay na Baptist. Heto siyang dumarating, "Tapatan kong inihahayag na si Jesus ay ang Cristo." Napadalas nang husto ang paggawa niya nito kung kaya't tinawag siya ng Diyos sa ministryo. Ang Diyos ay palaging mangungusap sa isang tapat na puso.

¹²⁸ At may isang munting tagagawa ng tolda roon na nagngangalang Aquila at Priscilla, isang mag-asawa. Sila ay mga tagagawa ng tolda. Ang Mga Gawa sa ika-18 kabanata, ay nagsasabi sa inyo tungkol dito. Si Pablo, sila ay mga kaibigan niya. Natanggap nila ang Banal na Espiritu sa ilalim ng mga kamay ni Pablo at ng kanyang aral.

Narinig nilang may isang rebaybal sa banda roon, kaya sila'y nagpunta. Mga sampu o labindalawa lang ang dumalo rito. Kaya nagpunta siya sa banda roon upang tingnan iyon, at narinig niya ang mangangaral na ito na nangangaral, ang katapatan ng kanyang puso. Sinabi niya, "Alam ninyo, ako'y naniniwalang makikinig siya sa Katotohanan."

Kaya pagkaraang matapos ang gawain, ay kaniyang tinawag siya sa may likod ng tolda, at sinabi, "Tingnan mo, mayroon kaming isang munting kapatid na lalaking halos napakataas, isang Hudyong medyo mukhang kawit ang ilong, at, ngunit kapag siya'y naparito, ay ituturo niya sa iyo ang Salita ng Diyos, nang malinaw." Bueno, pagkatapos ng ilang sandali . . .

¹²⁹ Si Pablo ay nasa piitan nang oras ding iyon. Nakapangingilabot na lugar para sa isang makabagong mangangaral, hindi ba? Ngunit siya ay nasa piitan, at dinala siya ng Panginoon doon sa loob. Kaya pagkatapos dumating ng lindol, niyanig ang piitan, kinuha niya ang bantay-piitan at ang kanyang sambahayan at silang lahat ay binautismuhan, sa Pangalan ng Panginoong Jesus, at umalis, patungo sa ibayo.

At kapapalayas lang niya ng isang demonyo sa isang maliit, na matandang babae roon na sinasabi ang mga kapalaran. At, saka, sila ay kumikita ng napakalaking salapi dahil sa kanya, kaya inilantad na lang niya ang kanilang katiwalian, kaya pagkatapos ay ipinakulong nila siya dahil dito. At niyanig ng Panginoon ang piitan, pagkat mayroon siyang isang pulutong ng mga tao sa banda roon upang pakinggan ang Katotohanan. Hindi mo maigagapos ang Salita ng Diyos. Mayroong... Kahit maging ano pa, hindi mo magagawa. Sadyang hindi mo magagawa iyon.

¹³⁰ Kaya siya'y pumaroon kung saan naroon ang lalaking ito. At si Aquila at Priscilla, marahil ay mayroon silang ilang mga sandwich. At pagkatapos na pagkatapos na ang mga sandwich ay makain, ang sabi, "Paroroon tayo sa rebaybal."

Si Pablo ay naupo doon sa likod at hinawakan ang kanyang maliit na balabal, at nakinig sa mangangaral na Baptist na ito na mangaral.

Sinabi niya, "Iya'y maganda, ang iyong ipinangaral, ngunit may higit pang tungkol Dito." Sabi, "Nais kitang tanungin ng isang katanungan, Doktor Apollos. Natanggap mo na ba ang Banal na Espiritu mula nang ika'y sumampalataya?"

"Naku," sabi niya, "hindi namin alam kung mayroon ngang ganoon. Ano'ng ibig mong sabihin, ng 'ang Banal na Espiritu'? Kami'y Baptist."

Sabi, "Paano mo nalalamang ika'y Baptist?" Kita n'yo?

"Aba, kami ay nabautismuhan. Ang alam lang namin ay ang bautismo ni Juan."

Sabi niya, "Siya'y nagbautismo lamang sa pagsisisi, na sinasabi na 'sumampalataya sa Kanya na darating,' iya'y kay Jesus Cristo."

At nang marinig niya ito, sila ay nabautismuhang muli, sa Pangalan ni Jesus Cristo. At ipinatong ni Pablo ang kanyang mga kamay sa kanila, at ang Banal na Espiritu ay dumating sa kanila, at sila ay nagsalita sa iba't-ibang wika at nagsipanghula. Sabi, "maging sino man," ngayon.

¹³¹ Ngayon paano natin ginagawa ito? May nais akong sabihin sa inyo, saka ako. . . Tayo'y magtatapos, pagkat, ito'y, sinabi ko sa inyong palalabasin ko kayo nang maaga. Alam ninyo kung ano ang Banal na Espiritu. Para sa huling Kasulatan para sa gabing ito. . . mayroon pa akong isang bungkos sa ibaba rito, ngunit kailangan nating laktawan iyan. Lumipat tayo sa Unang Mga Taga Corinto 12. At pagkatapos ay babasahin natin ito, at saka tayo—tayo magtatapos. O sige. Unang Mga Taga Corinto, ang ika-12 kabanata.

Ilan ang naniniwala sa aral ni San Pablo? [Ang kongregasyon ay nagsabi, "Amen."—Ed.] Oo! Sinabi niya, sa Mga Taga Galacia 1:8, "Kung ang isang Anghel ay magturo ng anumang naiiba, hayaang siya'y masumpa," hayaan ang isang mangangaral. "Kung ang isang Anghel mula sa Langit ay bumaba at magturo ng anumang naiiba, hayaan siyang sumpain." Kita n'yo, walang anumang kinalaman dito.

¹³² Ngayo'y tingnan ito, Unang Mga Taga Corinto 12. Ilan—ilan ang nakakaalam na kinakailangan nating maging na kay Cristo nang sa gayo'y makasama sa pagkabuhay na mag-uli, dahil ito'y ang Kanyang Katawan na ipinangako ng Diyos na

bubuhayin? [Sinabi ng kongregasyon, “Amen.”—Ed.] Wala ng iba pang paraan. Walang ibang paraan, kung ika’y wala kay Cristo.

Ikaw ay maaaring lumingon *dito* at sumampalataya sa Kanya, sabihin, “Oo, ako’y sumasampalataya sa Kanya. Siya’y ang Anak ng Diyos.” Mabuti, kapatid ko, ako’y handang kamayan ka kapag sinabi mo ’yan. “Ako’y sumasampalataya sa Kanya. Tatanggapin ko Siya bilang aking Tagapagligtas.” Iya’y mabuti, ngunit ika’y wala pa rin sa Kanya. “Ako’y makikipagkamay sa mangangaral. Ihahayag ko ang aking mga kasalanan.” Iya’y wala pa rin sa Kanya.

¹³³ Ngayo’y masdan, tingnan kung ano ang sinabi ni Pablo, paano ka makapapasok kay Cristo. Paano ka makikilala katulad ng pagtutuli? Si Abraham, sila’y nagbibigay ng isang tanda. Pakinggan ito ngayon, Unang Mga Taga Corinto, ika-12 kabanata, at tayo’y magsimula sa ika-12 talata.

Sapagkat kung paanong ang katawan ay iisa, at mayroong maraming mga sangkap, at lahat...mga sangkap ng katawan, bagama’t marami, ay iisang katawan: gayon din naman si Cristo. (Hindi pinagbaha-bahagi. “Iisa!”)

Makinig. “Dahil sa pamamagitan ng isang iglesya”? Ilan ang bumabasang kasunod ko? “Sa pamamagitan ng isang pakikipagkamay”? “Sa pamamagitan ng isang tubig”? Hindi. Kung gayo’y may isang taong mali.

“Sa pamamagitan ng iisang Espiritu!” Ito ba’y isang pangunahin? Iya’y, “Banal na Espiritu,” kung gayon. Kita n’yo?

...sa isang Espiritu ay binabautismuhan tayong lahat sa isang katawan, maging tayo’y Judio o mga Griego, maging mga alipin o mgalaya; at tayong lahat ay pinainom sa isang Espiritu.

¹³⁴ Ang Katawan ni Cristo ay isang Espiritu, kung saan ang bawat kasapi, mula sa Pentecostes hanggang sa panahong ito, ay umiinom ng gayon ding bagong Alak, ang gayon ding Banal na Espiritu, na dinadala ang gayon ding mga resulta. Paano natin ginagawa ito? “Sa pamamagitan ng isang Espiritu.”

Ito’y ang bukas na pintuan ng Diyos, ang Banal na Espiritu. Ano Ito? Ito’y ang bukas na pintuan ng Diyos. Ito’y isang tanda. Ito’y isang tatak. Ito’y isang Mang-aaliw. Ito’y isang Tagapamagitan. Ito’y isang kasiguruhan. Ito’y kapahingahan. Ito’y kapayapaan. Ito’y kabutihan. Ito’y kagalingan. Ito’y Buhay. Ito’y—Ito’y ang bukas na pintuan ng Diyos sa lahat ng mga bagay na ito. Ito’y ang bukas na pintuan ng Diyos patungo kay Cristo, na nakapag... .

Pinatunayan ng Diyos na binuhay Niya si Jesus mula sa mga patay, at yaong mga patay kay Cristo ay dadalhin ng Diyos na kasama Niya sa pagkabuhay na mag-uli. “Huwag ninyong

pighatiin ang Banal na Espiritu na sa kanya kayo'y tinatakan kay Cristo hanggang sa kaarawan ng inyong pagkatubos." Hu! Ilan ang naniniwala rito? [Ang kongregasyon ay nagsabi, "Amen."—Ed.]

¹³⁵ Ano ang Cristo? Ano ang Banal na Espiritu? Ito'y hindi isang bagay na pinagtatawanan ng mga tao. Ito'y isang bagay na pinagtatawanan ng mga tao; ngunit hindi naman, sa mga mananampalataya.

Sa mga hindi mananampalataya! Sana'y nagkaroon ako ng isang mahabang dalawa o tatlong linggo, nais kong talakayin bukas ng gabi at sabihin sa inyo kung ano ba Ito sa mga hindi mananampalataya. Hayaan n'yong magpatuloy lang ako, sa isang sandali ng oras lang. Ito'y isang katatawanan. Ito'y isang patibong. Ito'y isang katitisan. Ito'y kamatayan. Ito'y Walang Hanggang pagkahiwalay mula sa Diyos. Ang mga bagay na kung ano Ito sa mga hindi mananampalataya ay sadyang hindi ko maisip!

¹³⁶ Tandaan, ang siya ring ulan na pinagtawanan ng mga hindi mananampalataya, ay ang siya ring ulan na nagligtas kay Noe at sa kanyang pamilya. Kita n'yo? Ang gayon ding Espiritu, ang Banal na Espiritu na pinagtatawanan ng mga tao at sinasabing "baliw, at isang pulutong ng mga maluluwag ang turnilyo, Ito'y kahibangan," Ito'y ang gayon ding bagay na Aagaw sa Iglesya at iaakyat Ito sa mga huling araw; maghahatid ng paghuhukom sa mga hindi mananampalataya. Iya'y tama. Iya'y kung ano ang Banal na Espiritu.

¹³⁷ Mapalad sila... Nawa'y sabihin ko ito, sa katapatan ng aking puso. Mapalad sila na nangagugutom at nangauhaw para Rito, sapagkat sila ay bubusugin.

¹³⁸ Bukas ng gabi ay mangungusap tayo tungkol sa kung paano, kung ano ang ginagawa Nito kapag Ito'y dumating.

¹³⁹ Ngayon, ilan dito ang gustong tumanggap ng Banal na Espiritu, at ninanais ang isang tao na manalangin para sa inyo, nang sa gayo'y makita ninyo ang Liwanag?

Alam ninyo "kung ano Ito."

Ngayon, bukas ng gabi, ay tatalakayin natin, "kung ano ang ginagawa Nito."

¹⁴⁰ At pagkatapos sa susunod na gabi, ay, "kung paano Ito matatanggap." Pagkatapos ay tatawagin natin, aatasan ang mga tao rito, at magtutungo kaagad sa mga silid at mananatili roon, kung ito'y tatagal nang hanggang Pasko, iya'y tama, hanggang sa dumating ang Banal na Espiritu. Lalapitan natin Ito mula sa isang makatwirang, pundasyon ng Biblia. Lalapitan natin Ito at kukunin Itong gaya ng ipinangako Ito ng Diyos, at Ito'y bumaba sa pasimula. Sa ganyang paraa'y naririto tayo upang gawin iyon.

Ako... Ito'y walang nagagawang anumang pagkakaiba kung ano ang sinasabi ng kahit ano, tayo'y...

Ang Salita ng Diyos ay... ay may kadakilaan sa aking puso. Iya'y tama. At nais ko kung ano ang mayroong ang Diyos para sa akin. Kung mayroon pang iba, ay buksan ang Langit, Panginoon, pagkat ang aking—aking puso ay nakabukas para rito. Iya'y tama.

¹⁴¹ Ilan ang nagnanais Nito? Ngayoy itaas ang inyong kamay, sabihin, "Ako'y ipanalangin." Ngayon, habang kayo ay nananatili, na nakataas ang inyong mga kamay.

Amang Nasa Langit, kami ay naturuan nang mahabang panahon. Ngunit naririto ang Iyong Espiritu. May mga kamay na nakataas ngayon. At alam nila kung ano Ito, alam nila kung ano ang kahulugan ng Banal na Espiritu. Idinadalangin ko, Diyos, na bago magtapos ang pagtitipong ito, na ang bawat kamay na naririto ay magtataas dahil kanilang natanggap na Ito. Ito'y ipagkaloob, Panginoon.

¹⁴² Kami'y nananalangin para sa kanila. Hinihiling namin na sila'y pagpalain Mo, at na ibigay sa kanila ang ninanais ng kanilang puso. Tingnan ang kanilang mga kamay, Panginoon. Iniibig Ka nila. Ninanais nila Ito. Alam nilang hindi sila makaaalis... Bukas ng gabi, kung ako'y tutulungan Mo, Panginoon, mapatutunayan natin ito sa Kasulatan na hindi sila makakasama sa Pag-agaw nang wala Nito. Kaya idinadalangin ko, Ama, na pagkalooban Mo sila ng pagkagutom at pagkauhaw, nang sa gayo'y mabusog sila. Iniaalay ko sila sa Iyo ngayon, Ama. At, ipagkaloob ang mga pagpapalang ito, sapagkat hinihiling namin ito sa Pangalan ni Jesus. Amen.

Mahal ko Siya, mahal ko Siya
Sapagkat una Niya akong minahal
At binili ang aking kaligtasan
Sa puno ng Kalbaryo.

¹⁴³ Nais kong sabihin ito bago tayo umawit na muli. Nais kong makipagkita sa isang pangkat ng mga ministro sa loob ng silid dito, sa Biyernes ng gabi, bago magsimula ang gawain, tingnan, sa Biyernes ng gabi. Ako...

Alam n'yo kung ano ang sinisikap kong gawin? Ang ipakita kung ano Ito, kung paano lalapitan Ito at kung ano ang dapat na pagpitaganan; samakatwid ay hindi kayo nabubulagan, na pumapalo sa isang bagay. Iyan ang dahilan kung bakit hindi ko na ito hiniling ngayong gabi. Nais kong malaman ninyo kung ano Ito. Ito'y isang pangako. Ito'y isang tatak. Ito'y ang Mang-aaliw. Ito'y at iba pa.

Pagkatapos, bukas ng gabi at sa susunod na gabi, saka tayo magsisimula agad pagkatapos, mula doon at patuloy, hanggang sa Ito'y dumating. Huwag intindihin kung gaano ito katagal na abutin; tayo'y manatili hanggang sa. Linisin ang inyong puso.

Kailanma'y hindi Niya Ito ibubuhos sa isang maruming puso.
Maging matuwid, maging handa, at ipagkakaloob Niya iyon.

Mahal ko Siya, mahal ko Siya (itaas na natin
ang ating mga kamay)
Sapagkat una Niya akong minahal
At binili ang aking kaligtasan
Sa puno ng Kalbaryo.

Kasasabi lamang ng pastor, at tayo'y sumasang-ayon, na
bukas ng gabi ay magsisimula tayo nang ikapito sa halip
na ikapito't kalahati. At hahayaan ako niyan na palabasin
kayo nang ikawalo't kalahati sa halip na ikasiyam at kalahati.
Sa ikapito at kala-... Sa oras na ikapito, bukas ng gabi, ay
magsisimula ang gawaing pang-awitin. Ako'y magsisimula ng
aking Mensahe sa ikapito at kalahati.

Mahal ko Siya,
Ilabas natin ang ating mga panyo at iwagayway sa Kanya.
Mahal ko Siya
Ihinto lang ang pormal na kalakaran ngayon!
Sapagkat una Niya akong minahal
At binili ang aking kaligtasan
Sa puno ng Kalbaryo.

O sige, ang inyong pastor na, Kapatid na Neville.



Ano Ang Banal Na Espiritu?
(What Is The Holy Ghost?)
Disyembre 16, 1959, Miyerkules ng gabi

Para Ano Kaya At Ipinagkaloob Ang Banal Na Espiritu?
(What Was The Holy Ghost Given For?)
Disyembre 17, 1959, Huwebes ng gabi

Ang mga Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham ay ipinangaral sa Tabernakulong Branham sa Jeffersonville, Indiana, U.S.A. Bawat pagsisikap ay isinagawa na upang mailipat nang wastung-wasto ang berbal na Mensahe mula sa mga magnetikong teyp rekording sa pahinang nakalimbag, at dito'y inililimbag nang walang pagbabago at ipinamamahagi nang walang bayad ng Voice Of God Recordings.

TAGALOG

©1997 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org

Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org